

## INTRODUKSYON

Alinsunod sa UC Policy on Sexual Violence and Sexual Harassment (“SVSH Policy”) o Patakaran ng UC sa Karahasang Sekswal at Sekswal na Panliligalig, inilalarawan ang mga sumusunod ang proseso ng Unibersidad sa pag-iimbestiga at paghatol sa mga di-umanong mga pangyayari na ang inirereklamo (respondent) ay miyembro ng faculty/guro ng Unibersidad na ang kinikilos ay pinapangasiwaan ng Seksyon 015 ng Manwal ng Personel ng Akademiya o Academic Personnel Manual ([APM-015](#)), Ang Kodigo ng Kinikilos ng Pakulti o Faculty Code of Conduct (“Code of Conduct”).

Ang regulasyon ng Titulo IX o Title IX na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ng Amerika (“DOE”) na ipinatupad noong Agosto 14, 2020 na kinakailangan sundjn ng Unibersidad ang espesipikong proseso sa paghain ng hinaing (“DOE Grievance Process”) bilang tugon sa mga kinikilos o conduct na sakop ng mga regulasyon (“DOE-Covered Conduct”). Itinaguyod na husto ng Unibersidad na baguhin ang ibang bahagi ng DOE Grievance Process bago ito maipatupad ang mga regulasyon; hindi ginawa ng Unibersidad. Dahil ang pagsunod sa mga regulasyon ay isang kondisyon ng pondo pederal, inirebisa ng Unibersidad ang kanilang patakaran upang ganap na maipatupad ang mga ito. Ang Title IX Officer ang magpapasya kung di-umanong paglabag ito sa DOE-Covered Conduct sa kanilang inisyal na pagtatasa at, kung mayroon man, kung kailangan magbukas ng DOE-Grievance Process. Ang di-umanong kinikilos ay DOE-Covered Conduct kung ito ay uri ng maling kinikilos na sakop ng mga regulasyon (“DOE Sex-Based Misconduct”) na nangyari sa isang programa o mga aktibidad ng Unibersidad habang ang complainant o nagreklamo ay nasa United States. Ang pagtatasang ito ay detalyadong isinasalarawan sa Appendix IV ng Patakaran ng SVSH. Ang susunod, kasama mong basahin ang kalakip na [DOE Addendum](#), ay naglalarawan sa proseso ng pag-iimbestiga at paghatol sa mga di-umanong paglabag ng Patakaran ng SVSH kasama ang DOE-Covered Conduct.

Ipinapakita ng flow chart ang mga proseso kontra sa pakulti ng Senado sa Akademiya o Academic Senate faculty na makikita sa mga Kalakip 1 at 1.A. Isinasalarawan ng flow chart ang mga proseso kontra sa Senate faculty na makikita sa mga Kalakip 2 at 2.A.

Dapat basahin ang mga dokumento na ito kasama ang Patakaran ng SVSH at mga angkop na [APM provisions](#), pati na [APM-015](#), [APM-016](#) (University Policy sa Faculty Conduct at ang Administrasyon sa Pagdidisiplina at [APM-150](#) (Hindi-Hinirang ng Senado/Gagawing Pagtatama at Pagdidismis), at angkop na [Senate Bylaws](#), kasama ang Senate Bylaw 336 (pamamaraan sa mga pagdirinig sa pagdidisiplina) at ang Senate Bylaw 335 (mga pamamaraan para ikonsidera ang mga hinaing). Isinama din ng mga dokumentong ito ang mga rekomendasyong inilabas ng Joint Committee ng Administrasyon at Senado.

Makikita ang mga angkop na depinisyon sa Patakaran ng SVSH at isinama dito. Ang ibang depinisyon ay makikita sa angkop na APMs at Senate Bylaws at ay isinama dito.

Makikita ang SVSH Policy sa <http://policy.ucop.edu/doc/4000385/SVSH>. Ang Faculty Code of Conduct (APM-015) ay makikita sa [http://www.ucop.edu/academic-personnel-programs/\\_files/apm/apm-015.pdf](http://www.ucop.edu/academic-personnel-programs/_files/apm/apm-015.pdf). Makikita ang APM-016 sa [http://www.ucop.edu/academic-personnel-programs/\\_files/apm/apm-016.pdf](http://www.ucop.edu/academic-personnel-programs/_files/apm/apm-016.pdf). Makikita ang APM-150 sa [http://ucop.edu/academic-personnel-programs/\\_files/apm/apm-150.pdf](http://ucop.edu/academic-personnel-programs/_files/apm/apm-150.pdf). Makikita lahat ng probisyon ng APM sa <http://www.ucop.edu/academic-personnel-programs/academic-personnel-policy/general-university-policy-regarding-academic-appointees/index.html>.

## **I. MGA OPSYON SA PAG-UULAT AT MAPAGKUKUNAN (Yugto 0)**

May mga opsyon sa pag-uulat at mapagkukunan para sa mga anumang ipinagbabawal na ikinikilos ng Patakaran ng SVSH (“Prohibited Conduct” o Ipinagbabawal na Pag-uugali/Kilos), kasama ang DOE-Covered Conduct.

### **A. Mga Opsyon sa Pag-uulat**

Ang sinuman ay maaaring gumawa ng pag-uulat, at puwedeng anonymous/walang pangalan sa Title IX Office. Responsibilidad ng Title IX Office ang tumanggap at rumisponde sa mga ulat ng Ipinagbabawal na Pag-uugali.

Ang sinuman ay maaari din gumawa ng pag-uulat tungkol sa Responsableng Empleyado na binigyan kahulugan ng Patakaran ng SVSH. Ayon sa Patakaran, ang isang Responsableng Empleyado na makakaalam nginsidente sa Ipinagbabawal na Pag-uugali na i-ulat sa Unibersidad sa pamamagitan ng pagkontak ng Title IX Officer o nahirang sa kanilang lokasyon.

Habang walang limit sa panahon ng pag-uulat tungkol sa Ipinagbabawal na Pag-uugali, kailangang ihain ito sa lalong madaling panahon.

Maaring gumawa ng pag-uulat sa Unibersidad o maaari naman sa pulisya. Maaaring ituloy ng nagrereklamo ang paghain sa lalong madaling panahon, sa paggawa alinman sa mga ito o pareho na sabay. Ang sinuman na nais mag-ulat sa tagapatupad ng batas ay maaaring makipag-ugnayan sa UC Police Department.

### **B. Kumpidensyal na mga Mapagkukunan**

Inaalok ng Unibersidad na magamit ang mga kumpidensyal na mapagkukunan sa mga taong nakaranas ng Ipinagbabawal na Pag-uugali at nangangailangan ng pagpapayo, emosyonal na suporta o kumpidensyal na impormasyon tungkol sa paggawa ng ulat sa Unibersidad. Ang Kumpidensyal na mga Mapagkukunan o Confidential Resources ay tinukoy alinsunod sa Patakaran ng SVSH at kinabibilangan ng mga indibidwal na tumatanggap ng mga paguulat sa kumpidensyal nilang kapasidad tulad mga tagapagtaguyod ng [CARE Office](#), ganun din ang mga lisensyadong tagapayo (hal. Employee Assistance Program o Programang Tulong sa Empleyado (EAP) at Psychological Services (CAPS), at ng Ombuds.

Ang mga empleyadong ito ay makakapagbigay ng kumpidensyal na payo at pagpapayo na hindi maisisiwalat ang impormasyon sa Title IX Office o sa kapulisan, maliban kung may pagbabanta ng matinding pananakit sa indibidwal o sa iba o obligasyon na legal na nangangailangan ng pagsisiwalat (tulad ng suspetsang pang-aabuso sa isang menor de edad).

## **II. INISYAL O PAUNANG PAGTATASA (Yugto 1)**

Pagkatanggap ng ulat o impormasyon tungkol sa di-umanong paglabag sa Ipinagbabawal na Pag-uugali, ang Title IX Officer ang gagawa ng inisyal o paunang pagtatasa ayon sa Patakaran ng SVSH, pati ang paggawa ng dagliang pagtatasa tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng nagrereklamo at ng komunidad sa kampus.

Ang Title IX Officer ang magpapasya din:

- kung ang di-umanong pag-uugali ay DOE-Sakop, iba pang Ipinagbabawal na Pag-uugali, o kumbinasyon, at

- kung ang di-umanong pag-uugali ay DOE-Sakop na Pag-uugali, kung nagmula sa nilabas ng postsecondary program ng Unibersidad, nangngahulugan na nasa konteksto ng (i) ang Rumiresponde ay nagbibigay ng pag-aalaga sa pagka-pasyente sa Nagrereklamo o taong napaguutusan niya, (ii) programa o mga aktibidad sa benepisyong mga menor de edad, kabilang ang mga elementarya at high school, at ang Nagrereklamo ay benepisyaryo, (iii) programa o mga aktibidad para sa benepisyong mga may intelektuwal na kapansanan (tulad ng UC Davis SEED Scholar program), at ang Nagrereklamo ay benepisyaryo, o (iv) programa o mga aktibidad ng Agricultural and Natural Resources o Lawrence Berkeley National Laboratory (“No-Title IX Hearing” DOE-Covered Conduct).

Ang mga pagpapasya na ito ay makakaapekto sa mga hakbang ng proseso ng paghatol na ginagawa bago magdesisyon tungkol sa parusa. Ang proseso tungkol sa Ipinagbabawal na Pag-uugali na hindi DOE-Sakop na Pag-uugali ay walang pagdinig o apela. Ang proseso sa No-Title IX Hearing (Pagdinig) DOE-Sakop na Pag-uugali ay walang pagdinig ngunit maaring magkaroon ng apela, at sa proseso ng lahat ng DOE-Covered na Pag-uugali ay maaring may pagdinig at apela.

Ang proseso sa inisyal na pagtatasa na isinalarawan sa ibaba ay para sa lahat ng ulat sa Ipinagbabawal na Pag-uugali, kabilang ang DOE-Sakop na Pag-uugali. May probisyon ng ispesyal na pagtatasa na espesipikong ayon sa reklamo ng DOE-Sakop na Pag-uugali na nasa [DOE Addendum](#).

#### **A. Mga Pamamaraan sa Pagsuporta**

Isasaalang-alang din ng Unibersidad at ipapatupad ang Mga Pamamaraan sa Pagsuporta (Supportive Measures), kabilang ang Mga Pansamantalang Pamamaraan (Interim Measures), bilang naaangkop upang protektahan ang kaligtasan ng mga partido o ang komunidad ng Unibersidad; upang maibalik o mapanatili ang access/paglapit/pagpasok ng mga partido sa programa o mga aktibidad ng Unibersidad, o mapigilan ang Ipinagbabawal na Pag-uugali (Prohibited Conduct) alinsunod sa SVSH Policy.

Maaaring maipataw ang involuntary leave sa isang Senate faculty na respondent alinsunod sa APM-016. Maaring magpataw ng Investigatory Leave sa isang non-faculty academic respondent o inirereklamong hindi pakulti ng akademiya alinsunod sa APM-150.

#### **B. Nakasulat na mga Karapatan at Opsyon**

Titiyakin ng Title IX Officer na ang complainant o nagrereklamo, kung alam ang kanilang pagkakakilanlan, na bigyan ng nakasulat na paliwanag ng mga karapatan at makukuhang mga opsyon na nakabalangkas sa SVSH Policy, kabilang ang:

1. Paano at kanino mag-uulat ng mga di-umanong paglabag;
2. Opsyon sa pag-uulat at/o paano ipaalam sa kapulisan at awtoridad ng kampus;
3. Impormasyon tungkol sa kumpidensyal na mga mapagkukunan;
4. Ang karapatan ng nagrereklamo tungkol sa utos ng proteksyon, utos na walang kontak, utos ng pagpigil o restraining order, o kahintulad na mga utos ng batas na inilabas ng kriminal o sibil na korte;
5. Ang kahalagahan ng pagpapanatili ng ebidensya na maaring makatulong sa pagpapatunay na may nangyaring krimen o para sa pagkuha ng utos ng proteksyon;

6. Pagpapayo, kalusugan, kalusugang mental, pagtataguyod ng biktima, tulong legal, visa at tulong sa imigrasyon, at iba pang serbisyo na makukuha sa institusyon at komunidad;
7. Opsyon para sa pagbabago ng akademiya, tirahan, transportasyon, at sitwasyon sa trabaho kung hihilingin ng complainant o nagrereklamo at kung ang opsyon ay makatuwirang makukuha - hindi alintana kung gugustuhin man ng complainant na i-ulat ang krimen sa kapulisan; at
8. Ang lawak ng posibleng kalalabasan ng ulat, kabilang ang Supportive at Remedial (pangremedyo) Measures at aksyon sa pangdidisiplina, paano ang prosesong ginawa sa bawat kinalabasan, at kanilang karapatan na gumawa ng Pormal na DOE na Reklamo.

### **III. PAG-IIMBESTIGA AT PAGRESOLBA NG MGA ULAT NG IPINAGBABAWAL NA PAG-UUGALI (Yugto 1)**

Ang probisyon sa ibaba para sa imbestigasyon at resolusyon ng mga ulat ay sumasakop sa pag-iimbestiga ng DOE-Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct. May sapat na impormasyon lamang ang Unibersidad na sumagot na alinsunod sa SVSH Policy, maaari nilang iresolba ang ulat ng di-umanong paglabag sa Prohibited Conduct ng respondent o inirereklamo na sakop ng Framework through Alternative Resolution o Balangkas sa paraang Alternatibong Resolusyon, Pormal na Imbestigasyon, o isang DOE Grievance Process o Proseso ng Hinaing. Sa buong prosesong pagreresolba, ang nagrereklamo at inirereklamo ay maaaring samahan ng isang advisor o tagapagpayo. Dagdag dito, mag-aalok ang Unibersidad na magbigay ng serbisyo pangsuporta sa nagrereklamo at inirereklamo. Isasaalang-alang ng Title IX Office ang hiling mula sa partido at testigo para mabigyan ng pagsasalin sa wika, at may konsultasyon sa opisina ng kampus tungkol sa pamamahala ng mga may kapansanan, kung kailangan, para sa akomodasyon kaugnay sa kapansanan.

#### **A. Alternatibong Resolusyon (Alternative Resolution)**

Matapos ang preliminaryong pag-uusisa sa mga nangyari, at kung ang nagrereklamo at inirereklamo ay magkasundo sa kasulatan, maaring simulan ng Title IX Officer ang Alternatibong Resolusyon (Alternative Resolution) alinsunod sa [SVSH Policy](#). Ang Alternatibong Resolusyon ay hindi makukuha kung ang nagrereklamo ay estudyante o pasyente at ang inirereklamo ay isang empleyado.

#### **B. Imbestigasyon**

Sa mga kasong hindi naaangkop o hindi magtatagumpay sa Alternatibong Resolusyon, maaring magsagawa ng imbestigasyon ang Title IX Officer, ayon sa pormal na imbestigasyon o probisyon ng DOE Grievance Process at SVSH Policy.

Kung magbubukas ng imbestigasyon sa mga di-umanong paglabag ng DOE-Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct na bunga sa parehong pangyayari o sirkumstansya, tatalakayin na magkakasama ng Unibersidad ang lahat ng di-umanong paglabag sa paraan ng DOE Grievance Process. Kung kabilang sa imbestigasyon ang No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct at ibang DOE-Covered Conduct na bunga sa parehong pangyayari o sirkumstansya, tatalakayin na magkakasama ng Unibersidad ang lahat ng di-umanong paglabag sa enterong paraan ng DOE Grievance Process, kabilang ng pagkakaroon ng preliminaryong pagpapasya at pagbibigay sa mga partido ng kanilang karapatan sa isang pagdinig.

## 1. Abiso sa Chancellor

Ipapaalam ng Title IX Officer ang Chancellor o Chancellor's designee kung may Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process na pinasimulan laban sa isang faculty na inirereklamo. Maingat ang Title IX Officer sa kanilang komunikasyon para maprotektahan ang pagkatapos ng Chancellor at Chancellor's designee (hinirang), at privacy/pagkapribado ng nagrereklamo at inirereklamo.

Pagkatapos, regular na makikipag-usap ang Title IX Officer sa Chancellor at Chancellor designee tungkol sa istado ng Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process.

## 2. Abiso ng Imbestigasyon

Kung may isasagawang Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process, magpapadala ng nakasulat na abiso ang Title IX Office tungkol sa mga paratang sa nagrereklamo at inirereklamo.

Ang nakasulat na abiso ay ipapadala ng hindi bababa sa tatlong araw na may trabaho o business days bago ang hiniling na petsa ng interbyu ng partido, para sapat ang panahon ng partido na maghanda sa kanyang interbyu. Ang nakaisulat na abiso ay dapat may:

- a. Isang buod ng mga di-umanong paglabag at potensyal na paglabag ng SVSH Policy;
- b. Pagkakakilanlan o identity ng mga partidong sangkot;
- c. Petsa, oras, at lokasyon ng naiulat na (mga) insidente (hangga't sa kaalaman);
- d. Espesipikong probisyon ng SVSH Policy na maaaring nilabag;
- e. Isang pahayag na ang ulat sa pag-iimbestiga, kapag inilabas, ay gagawa ng mga katotohanang napag-alaman at isang pagpapasiya (sa isang Pormal na Pag-iimbestiga o Proseso ng Karaingan ng DOE para sa Non-Title IX na Pagdinig na Sakop ng DOE na Pag-uugali) o paunang pagpapasya (sa anumang iba pang Proseso ng Karaingan ng DOE) kung mayroong isang paglabag sa Patakaran ng SVSH;
- f. Isang pahayag na ang bawat partido ay magkakaroon ng pagkakataon sa panahon ng imbestigasyon na magmungkahi ng mga tanong sa imbestigador upang itanong naman sa kabilang partido at mga testigo;
- g. Isang pahayag na ang bawat partido ay magkakaroon ng pagkakataon sa panahon imbestigasyon para marepaso lahat ng isinumiteng ebidensya na direktang kaugnay - istandard na mas malawak/mataas kumpara sa kahalagahan o relevance - na kung mayroon paglabag sa patakaran;
- h. Isang pahayag na ang kalalabasan alinsunod sa SVSH Policy ay ibabase sa pangigingibabaw sa istandard na ebidensya;
- i. Isang pahayag na gagawin lang ang pagpapasya pagkatapos ng imbestigasyon o pagdinig tungkol sa kung may paglabag sa patakaran (kung kinakailangan), samakatuwid, kung mayroon mula sa simula, hindi ipagpapalagay na ang inirereklamo ay responsable sa paglabag ng patakaran;
- j. Kung saan naaangkop, isang pahayag na kung mayroon ng pagpapasya o preliminaryong pagpapasya na walang DOE-Covered Conduct na nilabag, kung saan gagawa ang imbestigador ng report tungkol sa imbestigasyon, at gagawa ng pagpapasya o preliminaryong pagpapasya kung mayroon ibang paglabag sa SVSH Policy na nangyari;

- k. Buod ng imbestigasyon at proseso sa pagdidisiplina, kabilang ang inaasahang timeline;
- l. Buod ng mga karapatan ng nagrereklamo at inirereklamo, kabilang ang karapatan na magkaroon ng tagapayo na kanilang pipiliin, maaaring kahit sino, kabilang ang isang abogado, na hindi isang partido o testigo;
- m. Deskripsyon ng mga mapagkukunan na puwede para sa nagrereklamo at inirereklamo; at
- n. Pagpapaalala kontra pananakot o pagganti.

Sa anumang punto ng imbestigasyon, maaaring baguhin ng Title IX Officer ang abiso para magdagdag ng karagdagang kaso na napag-alaman habang may imbestigasyon. Anumang binagong abiso ay kalakip ang lahat ng impormasyong nailarawan sa itaas.

### **3. Proceso ng Pag-iimbestiga**

Hihirang ang Title IX Officer ng imbestigador para magsagawa ng isang walang kinikilingan, masusi, at patas na imbestigasyon.

#### **a. Pangkabuoan:**

Habang ginagawa ang imbestigasyon, bibigyan ng pantay na pagkakataon ang nagrereklamo at inirereklamo na makilala ang imbestigador, magsumite ng impormasyon, kumilala ng mga testigo na maaaring may mahalagang impormasyon, at magmungkahi ng mga tanong sa imbestigador upang itanong naman sa kabilang partido at mga testigo. Anumang ebidensya ang naipasok ngunit hindi maipapakita ng isang partido habang may imbestigasyon ay maaaring hindi isasaalang-alang sa mga sumusunod pang pagdinig.

Makikipagkita ng hiwalay ang imbestigador sa nagrereklamo, sa inirereklamo at sa pangatlong partido na mga testigo na maaaring may alam na mahalagang impormasyon, at lilikom ng iba pang mahalagang impormasyon. Maaaring mag follow-up ang imbestigador sa nagrereklamo o inirereklamo kung may kailangang liwanagin sa anumang hindi pagkakatugma o may bagong impormasyon na nalikom habang ginagawa ang imbestigasyon. Isasaalang-alang ng madalas ng imbestigador, na umasa, sa lahat ng ebidensya na sa tingin nila ay mahalaga at kapani-paniwala, kasama ang ebidensya na pumapabor at kumontra sa pagpapasya na kung mayroon nangyaring paglabag sa isang patakaran. Maaaring isaalang-alang ng imbestigador ang halaga at bigat ng importansya ng sinumang testigo o ibang ebidensya sa mga mapapag-alaman, at maaaring hindi ipasok ang ebidensya na walang kaugnayan o hindi importante.

Limitado kung ano ang ilalabas na mga katotohanan sa mga taong iniinterbyu sa kung ano ang makatwirang mahalaga upang maisagawa ang isang patas at masusing pag-iimbestiga. Maaring payuhan ang mga kalahok sa imbestigasyon na ilihim ang impormasyon upang maprotektahan ang integridad ng imbestigasyon.

Maaring magkaroon ng tagapayo ang nagrereklamo o ang inirereklamo na kasama sa personal na interbyu at sa anumang kaugnay na pagpupulong. Ang ibang testigo ay maaaring may kinatawan na kasama sa diskresyon ng imbestigador o kung kinakailangan ng patakaran ng Unibersidad o kasunduan sa collective bargaining.

#### **b. Koordinasyon sa Kapulisan:**



Kapag may sariling imbestigasyon ang isang ahensya ng kapulisan sa di-umanong pag-uugali, gagawin ang lahat na makakaya ng imbestigador ng Title IX upang may koordinasyon ang gagawing paghahanap ng katotohanan kasama ang imbestigasyon ng kapulisan. Sa kahilingan ng kapulisan, maaaring maantala ng panandalian para magawa ang mga espesipikong kinakailangan sa imbestigasyong kriminal.

c. Mga Espesipikong Uri ng Ebidensya:

*Sekswal na kasaysayan ng nagrereklamo.* Bilang kabuoang alituntunin, hindi gagawin ng imbestigador na isaalang-alang ang sekswal na kasaysayan ng nagrereklamo. Subali't may mga limitadong sirkumstansya na ang sekswal na kasaysayan ng nagrereklamo ay maaaring direktang mahalaga sa imbestigasyon. Habang hindi ipagpapalagay ng imbestigador na ang nakaraang relasyong sekswal sa pagitan ng dalawang partido, ay ibig sabihing pumayag ang nagrereklamo sa espesipikong ginawa na nasa ilalim ng imbestigasyon, ebidensya kung paano may pahintulot ang isa't isa sa kanilang mga nagdaang komunikasyon ay maaaring makatulong sa imbestigador na maintindihan kung buong paniwala ng inirereklamo na may pagpapahintulot na ibinigay sa pangyayari na nasa imbestigasyon. Ang iba pang ebidensya ng mga espesipikong nakaraang sekswal na engkwentro ay maaaring mahalaga na kung mayroon ibang tao na hindi naman ang inirereklamo ang panggagalingan ng mahalagang pisikal na ebidensya. Ang sekswal na kasaysayan na ebidensya na ipinapakita ang reputasyon o karakter ng isang partido ay hindi isasalang-alang na mahalaga. Isasaalang-alang ng imbestigador ang inalok na ebidensya ng sekswal na kasaysayan, at ibigay sa mga partido upang marepaso alinsunod sa Section 4.D sa ibaba, kung sa tingin ng imbestigador na ito ay direktang mahalaga. Ipapaalam ng imbestigador sa mga partido ang pagpapasya na ito. Kapag pumayag ang imbestigador na maaaring ipasok ang mga kasaysayan bilang ebidensya, magbibigay sila ng nakasulat na paliwanag sa mga partido na kung bakit ang pagsasaaang-alang sa ebidensya ay naaayon sa mga prinsipyong nakasaad sa seksyong ito.

*Ekspertong Ebidensya.* Maaaring maglatag ng ebidensya ang mga partido mula sa mga ekspertong testigo kung ito ay magiging mahalaga sa pagpapasya na kung mayroon nangyaring paglabag sa patakaran. Kapag ginusto ng isang partido na isaalang-alang ang ebidensya, susulatan nila ang Title IX officer upang humiling, at ilagay ang (mga) tao na gustong iprisinta, at pumapayag sila na maging ekspertong testigo; (mga) paksa na ilalagay ng (mga) tao bilang ekspertong ebidensya; na kung bakit sa paniwala nila na ang (mga) paksa ay kinakailangang may ekspertong opinyon para magkaroon ng kalutasan; at anumang relasyong nagdaan, kabilang ang personal at business, sa pagitan ng partido at ng (mga) tao.

Ipapahintulot ng Title IX officer ang kahilingan sa iminungkahing eksperto na magbibigay ng ebidensya na kung ang di-umanong ebidensya ay may halaga, at tatanggihan ang kahilingan kung ang iminungkahing ebidensya ay walang halaga. Ang iminungkahing ekspertong ebidensya ay walang halaga kung ito ay walang kinalaman sa pagpapatunay na kung ang katotohanang materyal sa mga paratang na iniimbestigahan ay maaring totoo. Halimbawa, ang iminungkahing eksperto na ebidensya ay hindi mahalaga kung magbibigay ng opinyon tungkol sa regulasyon ng Title IX o sa DOE Grievance Process; kung opinyon na walang pagkaeksperto sa porma; o kung ang iminungkahing eksperto ay may kinikilingan o matinding salungatan ng interes na ang opinyon nila ay hindi makakatulong sa mga naghahanap sa katotohanan tungkol sa pagdetermina kung ang mga katotohanang materyal sa mga paratang na iniimbestiga ay maaaring totoo.

Ipapaalam ng Title IX officer kung pinahintulutan niya ang kahilingan tungkol sa iminungkahing eksperto na ebidensya sa magkabilang partido. Ang isang partido ay maaaring humiling na magprisinta ng imumungkahing eksperto sa parehas na paksa (at maglatag din ng kanilang sariling eksperto na ebidensya sa iba pang mahalagang paksain). Maaari ding kumuha ang Title IX Officer ng kanilang sariling eksperto sa anumang paksa na kung saan may ekspertong ebidensya ang isa o parehong partido; titiyakin ng Title IX office na ang sinumang eksperto ay walang kinikilingan o may salungatan ng interes at ipapaalam sa mga partido ang sinumang eksperto na kanilang balak kunin.

Bilang bahagi ng ebidensya na kanilang ilalatag, ang sinumang expert witness ay magbibigay sa imbestigador ng impormasyon tungkol sa kanilang kwalipikasyon; ang totoong pagbabasehan ng kanilang sasabihin; at ang kanilang prinsipyo at pamamaraan at kung ang mga ito ay maaasahan. Ang mga usapin na ito ay makakatulong sa pagtatasa sa bigat at kredibilidad na ibibigay sa ebidensya ng expert witness.

Sa kabuuan, maaaring hindi na makahiling ng imumungkahing mga expert witness ang mga partido sa kalaunang parte ng pagdinig para tumestigo, maliban kung nakapagbigay na ng ebidensya ang mga ito sa imbestigasyon.

*Talaan ng Klinika.* Hindi titingnan, babasahin, isasaalang-alang, isisiwalat, o gagamitin ng imbestigador habang may imbestigasyon ang medikal o ibang kalusugang pag-uugali na rekord ng nagreklamo o inireklamo na isinasagawa kaugnay sa panggagamot kung walang boluntaryong nakasulat na pahintulot ang partido.

*Pribilehiyong Talaan.* Habang may imbestigasyon, hindi maaaring tingnan, basahin, isaalang-alang, isisiwalat, o gamitin ang ebidensya ng imbestigador na bumubuo, o gustong isisiwalat ang mga impormasyong protektado sa ilalim ng nakikilalang legal na pribilehiyo kung walang boluntaryong nakasulat na pahintulot ang partido.

d. Pagrepaso ng Ebidensya

Bago tapusin ng imbestigador ang imbestigasyon at gumawa ng pinal na nakasulat na report, ang nagreklamo at inireklamo ay mayroong pantay na oportunidad na repasuhin at sumagot sa isang kasulatan tungkol sa ebidensya na sa tingin ng imbestigador ay may direktang kaugnayan, kasama ang ebidensya na mas matimbang na walang paglabag sa policy at ebidensya na walang balak na umasa ang imbestigador, nakuha man ito sa isang partido o mula sa ibang pinagmulan. Ito ay totoo di-alintana na kung ang partido ay lumahok sa imbestigasyon. Isasama sa pagrepaso ang buod ng mga may direktang kaugnayan na paglalahad na ginawa ng mga partido at sinumang testigo. Titiyakin ng Title IX Officer na gagawin ang pagrepaso sa paraang maprotektahan ang pagkapribado o privacy ng dalawang partido. Magtatalaga ang Title IX Officer ng makatuwirang panahon para sa pagrepasong ito at pagsagot ng mga partido, na hindi bababa sa 10 araw ng negosyo, na walang mabuting dahilan na makita ang Title IX Officer.

Sa mga imbestigasyon tungkol sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, at dahil walang Title IX na pagdinig, espesipikong gagawin ng imbestigador ang: magbigay sa mga partido ang pagkakataong magsumite ng mga isinulat na tanong na imumungkahi sa imbestigador para itanong sa kabilang partido at mga testigo, ibahagi ang mga sagot sa kanilang isinuniteng mga katanungan at payagang magmungkahi ng limitadong follow-up



na mga tanong. Hindi magtatanong ang imbestigador ng hindi mahalaga at paulit-ulit, at babaguhin ang pagtatanong sa anumang mga tanong na lalabag sa alituntunin ng maayos na pag-uugali o rules of conduct. Kung ayaw magtanong ng imbestigador, ipapaliwanag niya ang dahilan.

#### **4. Ulat sa Imbestigasyon at Pagpapasya o Preliminaryong Pagpapasya**

Matapos ang konklusyon ng imbestigasyon, maghahanda ang imbestigador ng Title IX ng isang nakasulat na report. Kabilang sa nakasulat na report ng imbestigasyon ang paglalahad ng mga di-umanong paratang at isyu, paglalahad ng mga partido at testigo, at buod ng ebidensya na isinaalang-alang ng imbestigador. Kasama sa report ng imbestigasyon ang napag-alamang katotohanan at pagpapasya (sa isang Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct) at preliminaryong pagpapasya (sa ibang DOE Grievance Process) tungkol sa kung, ang pamantayan ng pangingibabaw ng ebidensya ang gagamitin, masasabing may sapat na ebidensya na ang inirereklamo ay lumabag sa SVSH Policy.

Kung ang nagrereklamo o inirereklamo ay nagprisinta ng mga testigo o ibang ebidensya na hindi doon aasa ang imbestigador, ipapaliwanag ng investigation report kung bakit hindi umasa doon. Isasama din sa imbestigasyon na report kung kailan at paano nabigyan ng pagkakataon na repasuhin at sagutin ang ebidensya ng mga partido (tingnan ang Section 3.d sa itaas).

Sa mga imbestigasyon tungkol sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, magbibigay ang imbestigador sa parehong Complainant at Respondent ng pagkakataong repasuhin at sagutin sa naisulat ang tungkol sa investigation report bago ito gawing pinal. Depende sa imbestigador kung rerepasuhin ang naisulat na report para makita ang mga kasagutan ng mga partido. Magiging pinal ang report ng imbestigasyon ng hindi mas maaga sa 10 araw ng negosyo mula sa petsa na ibinahagi sa mga partido para kanilang pagrepasso at kasagutan.

Kung ang mga napag-alamang katotohanan ay magpapakita na may nangyaring DOE-Covered Conduct, nguni't hindi nasampahan ng paratang sa abiso ng imbestigasyon, gagawa ang imbestigador ng pagpapasya (para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct) o preliminaryong pagpapasya (para sa lahat ng ibang DOE-Covered Conduct) tungkol sa kung may paglabag sa patakaran na nangyari at ipapaalam ng Title IX Officer sa mga partido na itutuloy na ang kaso alinsunod sa DOE Grievance Process.

Kung unang nalaman ng imbestigador na ang pag-uugali (conduct) na labag sa DOE-Covered Conduct ay hindi ayon sa depinasyon, isasama sa report (kung nailagay sa Abiso ng Imbestigasyon) ang isang pag-aanalisa at preliminaryong pagpapasya na parehong nagsasabi na kung ang inirereklamo ay nakagawa ng DOE-Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct.

Isang pagpapasya pagkatapos ng Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process (kabilang ang anumang apela) para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct na nilabag ng inirereklamo ang SVSH Policy ay dapat makitang may probable cause/marahil na dahilan na binigyan kahulugan sa Code of Conduct ([APM-015](#) at III.A.4.)

## 5. Abiso sa Resulta ng Imbestigasyon

Sa pagtatapos ng imbestigasyon na report, ipapadala ng Title IX Officer o nahirang (designee) sa nagrereklamo at sa inirereklamo ang nakasulat na resulta sa abiso ng imbestigasyon tungkol sa preliminaryong pagpapasya o pagpapasya (kung ano ang aangkop) na kung mayroong paglabag sa SVSH Policy. Karamihang may kalakip na kopya ng report ng imbestigasyon ang resulta ng abiso ng imbestigasyon, na maaaring pinaiksi kung kinakailangan upang maprotektahan ang karapatan sa pagkapribado o privacy rights. Ipapadala din ng Title IX Officer o designee ang abiso ng resulta ng imbestigasyon at kalakip na report ng imbestigasyon sa Chancellor o Chancellor's designee.

- a. Sa lahat ng kaso, ang resulta ng abiso ng imbestigasyon ay may kasama na:
  - Buod na pahayag sa napag-alamang katotohanan at mga pagpapasya o preliminaryong pagpapasya (alinman ang naaangkop) sa kung lumabag man ang inirereklamo sa SVSH Policy;
  - Pagpapaalala kontra sa pananakot o pagganti;
  - Isang paliwanag sa anumang Mga Pansuportang Pamamaraan (Supportive Measures) na mananatili sa lugar;
  - Pahayag na ang nagrereklamo at inirereklamo ay binigyan ng pagkakataon na sumagot sa sulat at/o ng personal sa Chancellor o Chancellor's designee;
  - Isang pahayag ng inaasahang timeline at pahayag na ang nagrereklamo at inirereklamo ay ipapaalam ng magiging pinal na resolusyon; at
  - Isang pahayag kung lalabas na ang mas malaunang imbestigasyon ng Chancellor o Chancellor's designee o ibang naaangkop na awtoridad para malaman kung mayroon ibang paglabag ng Code of Conduct ay nangyari ng bukod sa alegasyon ng Prohibited Conduct na naimbestiga sa ilalim ng SVSH Policy.
- b. Kung napag-alaman ng imbestigador sa proseso ng Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct na lumabag sa SVSH Policy ang faculty na inirereklamo, kalakip sa abiso ng resulta ng imbestigasyon ang:
  - Isang pahayag na lumabas na lumabag ang inirereklamo sa SVSH Policy (ito ay pinal matapos ang Pormal na Imbestigasyon at ginamit na ang lahat ng karapatan sa apela sa isang DOE Grievance Process para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct) ay bubuo ng pagpapasya ng probable cause o malamang na dahilan ayon sa depinisyon ng APM-015;
  - Sa usapin na kasangkot ang Senate faculty na mga inirereklamo, isang pagsasalarawan ng proseso sa pagdedesiyon kung mayroon at anong disiplina ang ipapataw, pati pahayag mula sa Chancellor o Chancellor's designee na kausapin ang Peer Review Committee para payuhan sa naaangkop na resolusyon, na maaaring isama ang pagpataw ng disiplina alinsunod sa APM-016;
  - Sa usapin na kasangkot ang hindi-Senate faculty respondents, isang pagsasalarawan sa proseso kung mayroon at anong disiplina ang ipapataw, pati pahayag mula sa Chancellor o Chancellor's designee na kausapin ang Peer Review Committee o komunsulta sa Academic Personnel Office para magpayo sa naaangkop na

- resolusyon, na maaaring isama ang corrective action/gagawin pagtatama o terminasyon alinsunod sa APM-150; at
- Isang pahayag ng inaasahang timeline at paglalahad na ang nagrereklamo at inirereklamo ay ipaalam ang pinal na resolusyon sa usapin na ito.
- c. Sa isang DOE Grievance Process para sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, isasama din sa abiso ng imbestigasyon ang pahayag na ang bawat partido ay may karapatan na i-apela ang pagpapasya ng imbestigador ayon sa Section IV.C ng [DOE Addendum](#), at ang pagpapasya ay hindi isasaalang-alang na pinal o magbubuo ng mapapag-alaman na probable cause ayon sa depinasyon ng APM-015 hangga't pinal ang anumang apela o ang panahon para magsumite ng apela ay lumipas na.
- d. Sa ibang DOE Grievance Process, ang abiso sa resulta ng imbestigasyon ay may kalakip na:
- Kung preliminaryong pagsisiyasat ng imbestigador na linabag ng nagrereklamo ang SVSH Policy, isang paglalahad mula sa Chancellor o Chancellor's designee na magmumungkahi ng resolusyon matapos kausapin ang Peer Review Committee o komunsulta sa Academic Personnel Office (depende kung ang respondent ay isang Senado o Hindi-Senado miyembro ng faculty, at ang piniling proseso ng kampus);
  - Isang paghayag na, maliban kung tatanggapin ng dalawang partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon, magkakaroon ng pagdinig sa pagsisiyasat sa nangyari (fact-finding hearing) para malaman kung mayroon paglabag sa SVSH Policy, at pagkatapos aalamin ng Chancellor o Chancellor's designee ang resolusyon; at
  - Isang pagpapaliwanag ng mga pamamaraan at timeline sa pagtanggap ng preliminaryong pagpapasya (tingnan ang [DOE Addendum](#)).

#### **6. Timeframe para Kumpletuhin ang Imbestigasyon; Ekstensyon sa Mabuting Dahilan**

Ang abiso sa resulta ng imbestigasyon at kasamang report ng imbestigasyon ay ilalabas kaagad, kadalasan sa loob ng animnapu (60) hanggang siyamnapung (90) araw ng negosyo mula sa simula ng Pormal na Imbestigasyon o DOE Grievance Process, maliban kung palalawigin ng Title IX Officer kung may mabuting dahilan, na may nakasulat na abiso sa nagrereklamo at inirereklamo kung anong dahilan sa ekstensyon at ang aasahang bagong timeline.

Regular na ipapaalam ng Title IX Officer o designee sa nagrereklamo at inirereklamo ang katayuan ng imbestigasyon.

#### **IV. PAGTATASA AT KONSULTASYON (Yugto 2)**

Ang mga hakbang na nakalista sa ibaba para sa pagtatasa at konsultasyon ay para sa mga imbestigasyon ng DOE-Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct. Isang karagdagang abiso na kinakailangan na espisipiko para lang sa mga imbestigasyon ng DOE-Covered Conduct ay nasa [DOE Addendum](#). Pagkatapos nitong pagtatasa at konsultasyon, ang mga usapin na iniimbestigahan sa pamamagitan ng Pormal na Imbestigasyon ay sasailalim sa Yugto 3 (Mga Desisyon sa Mga Parusa), sa ibaba. Sa ilalim ng DOE-Grievance Process na ang di-umanong paglabag sa No-Title IX Hearing

DOE-Covered Conduct ay pupunta sa Yugto 2.C. (Apela sa Pagpapasya) sa [DOE Addendum](#). Ang lahat ng usapin na iniimbestigahan sa ilalim ng DOE Grievance Process ay pupunta sa Yugto 2.a (Oportunidad na Tanggapin ang Preliminaryong Pagpapasya) sa [DOE Addendum](#).

Sa pagtatapos ng Pormal na Imbestigasyon, ang Chancellor o Chancellor's designee ang may awtoridad at responsibilidad na magdesisyon kung anong aksyon ang gagawin bilang tugon sa mga napag-alaman ng report sa imbestigasyon. Maaari nilang malaman na kailangan ng karagdagang imbestigasyon para malaman kung may paglabag pang nangyari sa ibang Code of Conduct, ngunit hindi na ulit mag-iimbestiga sa mga paratang sa Prohibited Conduct na naimbestigahan ng Title IX Office.

Sa pagtatapos ng imbestigasyon ng DOE Grievance Process ng No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, ang mga partido ay may pagkakataong mag-apela. Kapag naging pinal ang anumang apela o ang panahon para magsumite ng apela ay lumipas na, ang Chancellor o Chancellor's designee ang may awtoridad at responsibilidad na magdesisyon kung anong aksyon ang gagawin. Tingnan ang Yugto 2.C (Apela sa Pagpapasya) at 2.D (Karagdagang Pagtatasa at Konsultasyon) ng [DOE Addendum](#).

Sa pagtatapos ng ibang imbestigasyon ng DOE Grievance Process, ang mga partido ay bibigyan ng pagkakataon na tanggapin o hindi ang preliminaryong pagpapasya. Kung sasabihin ng preliminaryong pagpapasya na ang inirereklamo ay lumabag sa DOE-Covered Conduct o sa parehong DOE-Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct, ang Chancellor o Chancellor's designee ay magmumungkahi ng resolusyon matapos kausapin ang Peer Review Committee o komunsulta sa Academic Personnel Office (depende kung ang inirereklamo ay isang Senado o hindi-Senado na miyembro ng faculty, at ang piniling proseso ng kampus), na inialarawan sa ibaba, at ang mga partido ang magdedesisyon kung tatanggapin ang preliminaryong pagpapasya at ang iminungkahing resolusyon.

Maaring komunsulta ang Chancellor o Chancellor's designee sa Title IX Office, sa Academic Personnel Office, o sa ibang naaangkop na awtoridad anumang oras habang ginagawa ang proseso sa pagdedesisyon.

#### **A. Pagkakataon na Sumagot**

Aalukin ng Chancellor o Chancellor's designee ang nagrereklamo at inirereklamo ng pagkakataong sumagot sa abiso ng resulta ng imbestigasyon at kasamang report ng imbestigasyon, sa paraang personal na pagpupulong sa Chancellor o Chancellor's designee, isang nakasulat ng pahayag para sa Chancellor o Chancellor's designee o silang dalawa. Bibigyan ng limang araw ng negosyo mula sa pagbigay ng Title IX Office ng report sa imbestigasyon para sumagot.

Ang layunin ng pagsagot ay hindi para labanan ang kinalabasan na pangyayari sa report ng imbestigasyon o magprisinta ng bagong ebidensya, bagkus mabigyan ng pagkakataon ang nagrereklamo at inirereklamo na ipahiwatig ang kanilang pananaw at masabi kung anong resulta ang gusto ang minimithi nilang makita.

#### **B. Peer Review Committee/Kumite sa Pagrepaso sa Kasamahan para sa Faculty ng Senado**

Kung napagpasyahan sa imbestigasyon o preliminaryong pagsisiyasat na ang isang inirereklamo ng Senate faculty ay lumabag sa SVSH Policy, kakausapin ng Chancellor o Chancellor's designee ang kampus Peer Review Committee para payuhan sa naaangkop na resolusyon.

Ang Peer Review Committee, na binubuo sa bawat kampus sa direksyon ng Presidente, ang magpapayo sa Chancellor o Chancellor's designee tungkol sa paglutas ng usapin. Sa pagtatapos ng Pormal na Imbestigasyon o imbestigasyon ng DOE Grievance Process ng No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, kasama dito ang pagbibigay payo sa Chancellor o Chancellor's designee kung magsasampa ng pormal na kaso sa paglabag ng Code of Conduct/Kodigo ng Kinikilos o Pag-uugali o isaalang-alang na magkaroon ng maagang resolusyon. Sa lahat ng kaso, dapat magbigay payo ang Peer Review Committee sa naaangkop na disiplina o ibang pagtatama o gawaing pangremedyo.

Maisasama ang Peer Review Committee sa lahat ng mga kaso kung saan nadetermina ng Title IX na imbestigador sa kanyang pagpapasya o preliminaryong pagpapasya na mayroon paglabag sa SVSH Policy ang isang Senate faculty na inirereklamo.

#### **C. Peer Review Committee o Konsultasyon sa Academic Personnel para sa Faculty ng Hindi-Senado**

Kung mapagpasyahan o preliminaryong napagpasyahan ng imbestigasyon na isang respondent na faculty ng Hindi-Senado ay lumabag sa SVSH Policy, kakausapin ng Chancellor o Chancellor's designee ang Peer Review Committee o komunsulta sa Academic Personnel Office, depende kung anong porma ng konsultasyon ang mapagpasyahan ng kampus na gagamitin. Ang ganoong konsultasyon na dedesisyunan ng kampus ay nangyayari sa lahat ng kaso kung saan napagpasyahan o preliminaryong mapagpasyahan na ang inirereklamong faculty ng hindi-Senado ay lumabag sa SVSH Policy. Ang katungkulan na magbigay payo ng Peer Review Committee ay isinalarawan sa Seksyon IV B sa itaas.

#### **D. Konsultasyon sa Title IX Officer para sa Faculty ng Senado at Hindi-Senado**

Sa lahat ng kaso kung saan nadetermina o preliminaryong nadetermina ng imbestigasyon na ang isang inirereklamong faculty ng Senado o Hindi-Senado ay lumabag sa SVSH Policy, kokonsulta ang Chancellor o Chancellor's designee ang kampus Title IX Officer kung paano lutasin ang usapin, kasama ang naaangkop na disiplina o ibang pagtatamang gagawin.

### **V. DESISYON SA PARUSA PARA SA FACULTY NG SENADO (Yugto 3)**

Ang mga hakbang na nakalista sa ibaba ay kung ang inirereklamong faculty ng Senado na lumabag sa SVSH Policy matapos ang Pormal na Imbestigasyon, pagkatapos ng imbestigasyon at anumang apela (alinsunod sa Seksyon IV. C ng [DOE Addendum](#) sa DOE Grievance Process na tumutugon sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, o matapos ang pagdinig at anumang apela (alinsunod sa Seksyon IV. B at IV. C ng [DOE Addendum](#)) sa anumang iba pang DOE Grievance Process.

#### **A. Desisyon ng Chancellor o Chancellor's designee**

Matapos ang konsultasyon sa Peer Review Committee at Title IX Officer, ayon sa APM 016, magdedesisyon ang Chancellor o Chancellor's designee kung anong aksyon ang gagawin para malutas ang usapin.

Tulad ng nakasaad sa APM-015, “Kailangan simulan ng Chancellor ang kaugnayan na aksyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso ng iminungkahing aksyon sa inirereklamo ng hindi lalampas ng tatlong taon matapos malaman ng Chancellor ang tungkol sa di-umanong paglabag”. Sinasabi pa ng APM-015 na, “(para) o ang paratang ng sekswal na karahasan o sekswal na panliligalig, alam na dapat ng Chancellor ang tungkol sa di-umanong paglabag ng Faculty Code of Conduct/Kodigo ng Kinikilos o Pag-uugali ng Faculty nang una itong i-nreport sa anumang administrador ng akademiya sa antas ng chair ng departamento o mas mataas o ang kampus Title IX Officer”. (APM-015, Part III, A.3)

### **1. Walang Pormal na Pagdidisiplina**

Kung napagpasyahan ng Chancellor o Chancellor’s designee na lutasin ang usapin na hindi gagawin ang anumang pormal na aksyon sa pagdidisiplina, kaagad sasabihin ng Chancellor o Chancellor’s designee ang desisyong ito sa nagrereklamo at inirereklamo.

### **2. Maagang Resolusyon**

Maaring magbigay ng maagang resolusyon sa inirereklamo alinsunod sa APM-016. Maaring may maagang resolusyon sa anumang oras bago may pinal na pagpataw ng disiplina.

Bago pumayag ang inirereklamo sa mga kondisyon ng maagang resolusyon, kaagad ipapaalam ng Chancellor sa nagrereklamo ang mga kondisyon, kasama ang anumang pagdidisiplina o ibang pagtatama o gawaing pangremedyo, at ang dahilan sa mga kondisyong ito.

### **3. Kasong Isinampa sa Academic Senate Committee on Privilege & Tenure (Komite ng Senado sa Akademiya sa Pribilehiyo at Panahon ng Panunungkulan)**

Maaring magsagawa ng mga hakbang ang Chancellor o Chancellor’s designee na magmungkahi ng pagdidisiplina at magsampa ng kaso sa Academic Senate Committee on Privilege & Tenure na hindi gagawin ang maagang resolusyon o kung hindi papayag ang inirereklamo sa maagang resolusyon.

Agad ipapaalam ng Chancellor o Chancellor’s designee sa nagrereklamo na isinampa na ang kaso.

## **B. Timeframe sa Ekstensyon sa Pagdedesiyon dahil sa Mabuting Dahilan**

Kaagad dapat ipatupad ng Chancellor o Chancellor’s designee ang kanilang desisyon, madalas sa loob ng 40 na araw ng negosyo pagkatanggap ng abiso ng resulta ng imbestigasyon at kasamang report ng imbestigasyon. Kung ang usapin ay hindi pa nalulutas sa loob ng apatnapung (40) araw ng negosyo, may kasong isasampa sa Academic Senate Committee on Privilege and Tenure. Ang kaso ay hindi ipagpapaliban o masususpinde habang may ginagawang isang maagang resolusyon o tinatapos.

Ang mga ekstensyon sa timeline na ito ay maaaring ipahintulot ng Chancellor o Chancellor’s designee dahil sa may mabuting dahilan na may nakasulat na abiso sa nagrereklamo at inirereklamo na nagsasaad ng dahilan para sa ekstensyon at ang inaasahang bagong timeline.



### **C. Proseso Pagkatapos ng Pagsasampa ng Kaso sa Senado**

Ang proseso pagkatapos ng pagsampa ng kaso sa Academic Senate Committee on Privilege & Tenure ay nakasaad sa APM-015 at APM-016, Senate Bylaw 336, at ibang naaangkop na Senate Bylaws, kabilang ang divisional bylaws sa bawat kampus.

Ang report sa imbestigasyon at abiso ng pagpapasya (kung mayroon) ng hearing officer ay tatanggapin bilang ebidensya sa Privilege & Tenure na pagdinig. Titiyakin ng Chancellor o Chancellor's designee na ang nagrereklamo at inirereklamo ay tatanggap ng regular na update tungkol sa katayuan ng mga pagdinig.

Sa loob ng 14 araw mula matanggap ang rekomendasyon ng Academic Senate Committee on Privilege & Tenure, alinsunod sa APM-016 at ibang naaangkop na pamamaraan, gagawa ang Chancellor ng pinal na desisyon tungkol sa pagdidisiplina, maliban kung ang desisyon ay pagkadismis para sa faculty na may panahon ng panunungkulan o tenure o seguridad sa pagkakaempleyo. Nasabi sa [APM-016](#), "Ang kapangyarihan upang i-dismis ang faculty member na may tenure o seguridad sa pagkakaempleyo ay nakasalalay sa The Regents, sa rekomendasyon ng Presidente, matapos konsultahin ang Chancellor. "(APM-016, Seksyon 11.6). Ang ekstensyon sa timeline na ito ay maaaring ipahintulot kung may mabuting dahilan na may nakasulat na abiso sa nagrereklamo at inirereklamo na nakasaad ang dahilan sa ekstensyon at inaasahang bagong timeline.

Kaagad ipapaalam sa nagrereklamo at inirereklamo ang desisyon tungkol sa pagdidisiplina at dahilan nito.

## **VI. DESISYON SA PARUSA PARA SA FACULTY NG HINDI-SENADO (Yugto 3)**

Ang mga probisyon sa ibaba ay angkop kung ang inirereklamo ay faculty ng hindi-Senado at nakitang lumabag sa SVSH Policy matapos ang Pormal na Imbestigasyon, pagkatapos ng imbestigasyon at anumang apela (alinsunod sa Seksyon IV C ng [DOE Addendum](#)) sa DOE Grievance Process na tumutugon sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct, o matapos ang pagdinig at anumang apela (alinsunod sa Seksyon IV. B at IV. C ng DOE Addendum) sa anumang iba pang DOE Grievance Process.

### **A. Desisyon ng Chancellor o Chancellor's Designee**

Pagkatapos konsultahin ang Title IX Officer at Peer Review Committee o Academic Personnel Office, at alinsunod sa APM-150), magdedesisyon ang Chancellor o Chancellor's designee kung anong aksyon ang gagawin para malutas ang usapin.

Nasabi sa APM-015, "Dapat simulan ng Chancellor ang nauugnay na aksyon sa pagdidisiplina sa pamamagitan ng pagbigay ng abiso ng iminungkahing aksyon sa inirereklamo na hindi lalampas sa tatlong taon matapos na malaman ng Chancellor na may di-umanong paglabag sa Faculty Code of Conduct kung kailan unang i-nireport ang paratang sa anumang administrador ng akademiya sa antas ng department chair o mas mataas o sa kampus Title IX Officer". (APM-015, Part III, A.3.)

#### **1. Walang Aksyon sa Pagdidisiplina**

Kung hindi napagpasyahan ng Chancellor o Chancellor's designee na lutasin ang usapin na hindi gagawin ang anumang pagdidisiplina o aksyon sa pagtatama, kaagad ipapaalam ng Chancellor o Chancellor's designee ang desisyong ito at ang dahilan sa nagrereklamo at inirereklamo.

## **2. Impormal na Resolusyon**

Maaring magsagawa ng impormal na resolusyon ang Chancellor o Chancellor's designee na alinsunod sa APM-150, na maaring isama ang pagdidisiplina at/o ibang pagtatama o gawaing pangremedyo. Magagawa ang impormal na resolusyon sa anumang oras bago maisagawa ang pinal na paghayag ng pagdidismis o aksyon sa pagtatama.

Bago pumayag ang inirereklamo sa mga kondisyon ng impormal na resolusyon 5, agad ipapaalam ng Chancellor o Chancellor's designee ang complainant ng mga kondisyong ito, kasama ang anumang pagdidisiplina o ibang pagtatama o gawaing pangremedyo, at dahilan sa mga kondisyong ito.

## **3. Abiso sa Balak o Intensyon**

Maaring maglabas ang Chancellor o Chancellor's designee ng abiso sa intensyon na pasimulan ang pagdidismis o ibang aksyon sa pagtatama na alinsunod sa APM-150.

### **B. Timeframe sa Pagdedesisyon, Ekstensyon kung may Mabuting Dahilan**

Dapat ipatupad agad ng Chancellor o Chancellor's designee ang kanilang desisyon, karaniwan sa loob ng apatnapung (40) araw ng negosyo mula sa pagkatanggap ng abiso sa resulta ng imbestigasyon at kasamang report ng imbestigasyon. Kung ang usapin ay hindi pa nalulutas sa loob ng apatnapung (40) araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng abiso sa resulta ng imbestigasyon at kasamang report ng imbestigasyon. Kung ang usapin ay hindi pa nalulutas sa loob ng apatnapung (40) araw ng negosyo, isang abiso sa intensyon ang ilalabas.

Ang mga ekstensyon sa timeline ay maaaring payagan sa mabuting kadahilanan na may nakasulat ng abiso sa nagrereklamo at inirereklamo na nakasaad ang dahilan at napipintong bagong timeline.

### **C. Proseso Pagkatapos ng Probisyon ng Nakasulat na Abiso ng Intensyon.**

Ang mga pamamaraan na sumusunod sa mga probisyon ng abiso ng intensyon ay nailatag sa APM-150.

Kung ang inirereklamo ay magsumite ng karaingan sa ilalim ng [APM-140](#) na nagpapatang ng isang paglabag sa APM-150 o kung hindi man ay humahamon sa isang administratibongdesisyon na isinasalarawan sa prosesong ito, titiyakin ng Chancellor's designee na ang nagrereklamo at inirereklamo ay tatanggap ng regular na update tungkol sa katayuan ng karaingan.

Tulad ng nakasaad sa APM-140, "Kung may faculty member na non-Senate ang makatanggap ng abiso ng pagkakatanggal bago ang paglipas ng kanyang petsa ng appointment, maaari siyang pumili ng mekanismo ng karaingan ito may ay ang APM-140, na isinalarawan dito sa policy, o Seksyon 103.9 ng Standing Orders of the Regents (S.O. 103.9), ang mga pamamaraan ay isinasalarawan sa Academic Senate Bylaw 337. Kung pipiliin ang alinman sa APM-140 o S.O. 103.9, isinusuko ng non-Senate faculty member na gamitin ang ibang mekanismo upang repasuhin ang parehong hinaing." (APM-140-14e.)

Bago magkaroon ng anumang pinal na desisyon, agad ipapaalam ng Chancellor o Chancellor's designee sa nagrereklamo at inirereklamo ang magiging desisyon, kasama ang anumang pinal na desisyon sa pagdidisiplina at dahilan nito.

**DOE ADDENDUM**  
**SA BALANGKAS NG IMBESTIGASYON AT**  
**PAGHATOL SA FACULTY NG SENADO AT HINDI-SENADO**

**INTRODUKSYON**

Sa kabuuan, ang Senate at Non-Senate Faculty Framework (“Balangkas”) ay para sa parehong DOE Covered Conduct at ibang Prohibited Conduct. Ang mga espesyal na probisyon na espisipikong angkop sa DOE-Covered Conduct ay isinalarawan sa ibaba.

**I. PAG-RIREPORT AT MGA MAPAGKUKUNAN (Yugto 0)**

Ang mga opsyon sa pag-uulat at mapagkukunan ay isinalarawan sa katumbas na de-numerong seksyon sa framework.

**II. INISYAL NA PAGTATASA (Yugto 1)**

Ang inisyal na pagtatasa, kabilang ang Supportive Measures at nakasulat na mga karapatan at opsyon ay isinalarawan sa katumbas na de-numerong seksyon sa Framework. Ang karagdagang mga probisyon sa ibaba tungkol sa Pagdidismis ng Pormal na Reklamo ay espisipiko sa DOE-Covered Conduct.

**A. Mga Pamamaraan sa Pagsuporta (Supportive Measures)**

Ang mga Pamamaraan sa Pagsuporta ay isinasalarawan sa katumbas na seksyon ng Framework ang mga ito.

**B. Nakasulat na mga Karapatan at Opsyon**

Ang nakasulat na mga karapatan at opsyon na isinalarawan sa katumbas na seksyon ng Framework.

**C. Kinakailangan ng Pagdidismis**

Dapat “i-dismis” ng Title IX Officer ang mga paratang sa DOE Formal Complaint kapag:

- napagpasyahan nila habang may Inisyal na Pagtatasa na ang di-umanong pagkilos kahit ito ay totoo, ay hindi DOE-Covered Conduct, gaya ng tinukoy sa SVSH Policy, o
- napagpasyahan nila habang may imbestigasyon na ang di-umanong pagkilos kahit ito ay totoo, ay hindi nangyari sa isang programa o mga aktibidad ng Unibersidad o ang Nagrereklamo ay wala sa United States sa oras na iyon.

Itutuloy ng Title IX Officer gaya ng nakasaad sa *SVSH Policy*, Appendix IV, Section C. Ibig sabihin ng pagdidismis ay hindi na isasaalang-alang ng Title IX Officer ang mga paratang tungkol sa DOE-Covered Conduct; hindi ibig sabihin na isasarado na ng Title IX Officer ang usapin. Bagkus, dedesisyunan ng Title IX Officer kung at paano ituloy na lutasin ang nadismis na mga paratang. Tingnan ang *SVSH Policy*, Appendix IV, Section C.

**III. PAG-IIMBESTIGA AT PAGRESOLBA NG MGA REPORT NG IPINAGBABAWAL NA PAG-UUGALI/KILOS (Yugto 1)**

Ang imbestigasyon at resolusyon ng mga report, kabilang ang Alternatibong Resolusyon at Imbestigasyon, ay isinalarawan sa katumbas na de-numerong seksyon ng Framework.

Kung napagpasyahan ng Title IX Officer habang may imbestigasyon na dapat i-dismis ang anumang paratang sa isang DOE Formal Complaint ayon sa Section II.C, sa itaas, itutuloy nila tulad ng naisalarawan sa *SVSH Policy*, Appendix IV, Section C.

#### **IV. PAGTATASA AT KONSULTASYON (Yugto 2)**

Ang pagtatasa at konsultasyon ay isinalarawan sa katumbas na de-numerong seksyon ng Framework.

Sa mga kasong DOE-Covered Conduct, matapos ang pagtatasa at konsultasyon na isinalarawan sa Yugto 2 ng Framework, ipapaalam ng Chancellor o Chancellor's designee sa Academic Personnel Office at Title IX Officer ang anumang iminungkahing resolusyon at dahilan nito, at ipapaalam ng Academic Personnel Office o Title IX Officer (sinuman ang hihirangin ng kampus) sa mga partido. Matatanggap nila ang abiso sa loob ng 15 araw ng negosyo ng paunawa ng mga napag-alaman sa imbestigasyon at pagpapasya o preliminaryong pagpapasya.

Mga Seksyon IV.A (Oportunidad na Tanggapin ang Preliminaryong Pagpapasya) at IV.B (Bago ang Pagdinig at sa Panahon ng Pagdinig), sa ibaba, angkop sa lahat ng DOE Grievance Process na kaso maliban sa pumaparatang sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct. Ang Section IV.C (Apela sa Pagpapasya) ay para sa lahat ng DOE-Grievance Process na kaso kabilang ang mga pumaparatang sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct.

#### **IV.A. OPORTUNIDAD NA TANGGAPIN ANG PRELIMINARYONG PAGPAPASYA (Yugto 2.A)**

Maliban kung tatanggapin ng parehong partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon, magkakaroon ng pagdinig sa pagsisiyasat ng mga pangyayari o fact-finding para malaman kung mayroon paglabag sa *SVSH Policy*.

##### **A. Pagtanggap sa Preliminaryong Pagpapasya at Iminungkahing Resolusyon**

###### **1. Timeline**

Alinman sa mga partido ay maaaring tanggapin ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon sa loob ng 20 araw ng negosyo mula sa abiso ng mga napag-alaman sa imbestigasyon at preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon sa loob ng ibinigay na panahong ito, at pagkatapos itutuloy na sa isang pagdinig para malaman kung mayroong paglabag sa policy.

###### **2. Nakasulat na Pagtanggap**

Maaaring tanggapin ng isang partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon sa paraang pagbibigay sa Academic Personnel Office o Title IX Officer (sinuman ang hihirangin ng kampus) ng nakasulat na pagtanggap na nagsasabi na tinatanggap ng partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon, at ayaw ng magtuloy sa isang pagdinig.

###### **3. Pinal na Desisyon Pagkatapos ng Pagtanggap**

Kung ang parehong partido ay magbigay ng nakasulat na pagtanggap sa loob ng 20 na araw ng negosyo, magiging pinal ang preliminaryong pagpapasya tungkol sa (mga) paglabag ng policy at ipapatupad ng Chancellor o Chancellor's designee ang iminungkahing resolusyon, kasama ang anumang pagdidisiplina o ibang pagtatama na gagawin.

## **B. Abiso ng Pagdinig o Walang Pagdinig**

### **1. Abiso ng Pagdinig**

Maliban kung tatanggapin ng dalawang partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon sa katapusan ng 20 na araw ng negosyo, ipapaalam ng Academic Personnel Office o Title IX Officer (sinuman ang hihirangin ng kampus) sa mga partido na mayroon pagdinig. Kasama sa abiso ng pagdinig ang buod ng mga pamamaraan ng pagdinig na isinalarawan sa Section IV.C.

### **2. Abiso ng Walang Pagdinig**

Kapag tinanggap ng dalawang partido ang preliminaryong pagpapasya at anumang iminungkahing resolusyon, ipapaalam ng Academic Personnel Office o Title IX Officer (sinuman ang hihirangin ng kampus) sa mga Partido na walang pagdinig. Ang abisong ito ay magsasaad na ang preliminaryong pagpapasya ng imbestigador sa (mga) paglabag sa policy ay pinal, at ipapatupad ng Chancellor o Chancellor's designee ang iminungkahing resolusyon (kung mayroon).

## **IV.B. BAGO ANG PAGDINIG AT SA PAGDINIG (Yugto 2.B)**

### **A. Pagdinig sa Pagsisiyasat sa Nangyari**

Maliban kung tatanggapin ng dalawang partido ang preliminaryong pagpapasya ng imbestigador, magkakaroon ng pagdinig sa pagsisiyat na nangyari (fact-finding hearing) sa harap ng isang hearing officer. Ang pagdinig ay para malaman kung may paglabag sa SVSH Policy. Walang kinikilingan ang Unibersidad at isasaalang-alang nito ang mahalagang ebidensya na mayroon, kasama ang mga mahalagang ebidensya na iprinisinta ng mga partido, para makagawa ng napag-alaman na mga tunay na pangyayari at nadetermina kung may paglabag sa policy na ngyari.

### **B. Hearing Officer**

#### **1. Pangkalahatang-Ideya (Overview)**

Ang hearing officer ay maaring empleyado ng Unibersidad o kontratista sa labas, at maaaring hindi siya ang Title IX Officer o ang imbestigador. Ganunpaman, sila ay sasanayin nang naaangkop, na ang pagsasanay na iyon ay ibabagay ng Title IX Officer.

#### **2. May Kinikilingan at Salungat sa Interes (Bias and Conflict of Interest)**

Ipapaalam ng hearing coordinator sa mga partido ang pagkakakilanlan ng hearing officer. Sa loob ng 5 na araw ng negosyo pagkatapos ng abiso, maaaring hilingin ng mga partido ang diskwalipikasyon ng hearing officer batay sa kinikilingan o salungatan ng interes.

- a. Halimbawa, kasangkot sa kaso o alam ang mga paratang na pinag-uusapan bago siya mapili bilang hearing officer, o may malapit na relasyon sa isang partido o inaasahang testigo sa pagdinig, depende sa sirkumstansya, ay maaaring mapadiskwalipika ang hearing officer.
- b. Ang pagiging empleyado ng Unibersidad, o dating nagtatrabaho sa Unibersidad bilang kontratista, ay hindi madidiskwalipika.

- c. Ang kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, lahi, etnisidad, relihiyon, oryentasyong sekswal o katumbas na katangiang pagkakakilanlan, o iba sila sa sinumang partido, ay hindi basehan ng pagkadiskwalipika.

### **3. Desisyon ng Pagkadiskwalipika**

Dedesisyunan ng Academic Personnel Office ang anumang kahilingan na madiskwalipika ang hearing officer at ipapaalam sa parehong partido ang kanilang desisyon at, kung mapagpasyahan na palitan ang mga hearing officers, ibibigay ang pangalan ng bagong hearing officer.

### **C. Hearing Coordinator**

Ang bawat pagdinig ay may hearing coordinator, iba sa hearing officer, na siyang mangangasiwa ng aspeto sa administratibo at pamamaraan sa pagdinig.

### **D. Mga Pamamaraan Bago ang Pagdinig (Pre-Hearing Procedures)**

#### **1. Pakikipagkita sa mga Partido**

Ang hearing officer at hearing coordinator ay magsasagawa ng hiwalay na pagpupulong (personal o video) sa bawat partido para ipaliwanag ang proseso ng pagdinig, sasagutin ang mga tanong, sasabihin ang saklaw ng pagdinig, at tutukuyin ang ibang isyu para magkaroon ng maayos, prouktibo at patas na pagdinig.

- a. Ang hearing coordinator ay magbibigay ng nakasulat na abiso sa bawat partido ng kanilang pagpupulong bago gawin ang pagdinig, kasama ang oras, lokasyon (kung video, may instruksyon sa pagtawag), at layunin ng pagpupulong, nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago idaos ang pagpupulong sa pagdinig.
- b. Hindi lalampas ng limang araw ng negosyo bago mag pre-hearing na pagpupulong, ang bawat partido ay magsusumite sa hearing officer ng paunang pahayag sa kung ano ang mga isyu, kung mayroon, ang bawat isa ay kokontrahin at ang kahalagahan nito sa pagpapasya kung mayroon paglabag sa policy ang nangyari, ay isasaalang-alang, at ang ebidensya na balak nilang ilabas sa bawat isyu, kasama ang lahat ng dokumentong ipiprisinta, pangalan ng mga hiniling na mga testigo, at maikasing buod ng mga inaasahang testimonya ng mga testigo. Magkakaroon din ng karagdagang pagkakataon ang mga partido na magsumite ng iminungkahing ebidensya, tingnan ang Section 5 sa ibaba.
- c. Sa pre-hearing na pagpupulong, tatalakayin ng hearing officer at partido ang ebidensya na ibinigay ng partido, para tukuyin at mapino pa ang mga isyu na dedesisyunan sa pagdinig, at malaman ng hearing officer ang magiging pagpapasya sa saklaw ng pagdinig.
- d. Dapat din pumunta ang bawat partido sa pre-hearing na inihanda sa mga nakaiskedyul na petsa ng pagdinig.
- e. Ipapaliwanag ng hearing officer at/o coordinator kung ano ang aasahan sa pagdinig, tingnan ang Section E sa ibaba.
- f. Tatalakayin din ng hearing officer at/o ng coordinator ang mga pamamaraan na magagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga partido at mga testigo sa pagdinig, na nararapat. Maaring kabilang, halimbawa, ang paggamit ng buhay na pangalan at mga panghalip habang may pagdinig, pati mga pangalan sa screen, ang karapatan ng partido



ng taong sumusuporta na puwede nilang makuhasa lahat ng oras sa pagdinig, kakayahang humiling ng break ang isang kalahok habang may pagdinig, maliban kung may nakabinbin na tanong.

- g. Ipapaalam ng hearing officer at/o coordinator sa mga partido na gagawin ang pagdinig sa paraang remote/video. Kung sa tingin ng isang partido ay kailangan bigyan sila ng pisikal na espasyo o teknolohiyang aparato o tulong sa pakikilahok ng remote, halimbawa dahil sa problema ng kaligtasan o pagkapribado, o isang kapansanan; maaari nilang hilingin sa hearing coordinator ang mga mapagkukunansa panahon bago ang pagdinig na pagpupulong. Ang hearing coordinator ang sasagot sa anumang kahiling sa pamamagitan ng sulat sa loob ng limang araw ng negosyo ng pre-hearing na pagpupulong.
- h. Ang mga partido at ang kanilang mga tagapagpayo, kung mayroon sila sa bahagi na ito ng proseso, ay inaasahang lalahok sa pagpupulong bago ang pagdinig.
- i. Kung hindi lumahok ang isang partido sa pre-hearing na pagpupulong (o hindi niya ipinaalam ng maaga sa hearing officer na kailangang magpa-iskedyul muli), ipapaalam ng hearing coordinator sa partido na may 2 araw ng negosyo para makipag-ugnayan sa hearing coordinator at magpa-iskedyul ulit. Walang nagpapagaan na sirkumstansya, kung hindi makikipag-ugnayan sa hearing coordinator sa loob ng 2 araw ng negosyo, itutuloy ang pagdinig ngunit ipagpapalagay na ang hindi-lalahok na partido na aayon sa depinasyon ng hearing officer tungkol sa lawak ng pagdinig.

## **2. Saklaw ng Pagdinig**

Sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatapos ng mga pagpupulong sa magkabilang partido (o napagpasyahan na isang partido ay nagpasyang hindi lalahok sa proseso bago ang pagdinig), aalamin ng hearing officer ang anumang mga isyu ang kinontra at mahalaga sa pagpapasya kung mayroong paglabag sa policy na nangyari, at ipapaalam sa mga partido ang saklaw ng mga isyu na tutukuyin sa pagdinig at mga inaasahang testigo. May diskresyon ang hearing officer na ipagkaloob o tumanggi, sa pangkabuuan o bahagi, ang hiling ng mga partido na may testigo base sa kahalagahan. Ang pagpapasya ng hearing officer sa saklaw ay maaaring kasama ang mga isyu, ebidensya, at testigo na hindi pa naibigay ng mga partido.

Sa buong proseso bago ang pagdinig, kasama na ang abiso sa saklaw ng pagdinig, ang hearing officer ay:

- a. Magtatanggal ng ebidensya pati testimonya ng testigo, halimbawa, hindi mahalaga ayon sa mga isinampang kaso ng paglabag ng policy, o mahalaga lang sa mga isyu na hindi pinaglalaman, o paulit-ulit, at ipatupad ang mga prinsipyo batay sa ebidensya at mga kinakailangan sa pamamaraan sa Section III.B.3;
- b. Pagpasyahan ang anumang isyu tungkol sa pamamaraan para sa pagdinig; at/o
- c. Gumawa ng anumang ibang pagpapasya na kailangan upang maisulong ang isang maayos, produktibo, at patas na pagdinig na sumusunod sa alituntunin ng kinikilos o rules of conduct.

## **3. Pagsusumite ng Karagdagang Impormasyon**

Sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatanggap ng depinisyon kung ano ng saklaw ng hearing officer, maaari nang magsumite ang mga partido ng karagdagang impormasyon tungkol sa ebidensya, kasama ang testimonya ng testigo, na gustong i-prisinta.

#### **4. Abiso ng Pagdinig**

Hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago ang pagdinig, magpapadala ang hearing coordinator ng nakasulat na abiso sa mga partido para ipaalam ang petsa, oras, lokasyon, at mga pamamaraan ng pagdinig.

#### **5. Partisipasyon ng Testigo**

Sisiguruhin ng hearing coordinator na may Title IX na imbestigador (o kung wala man, isang kinatawan ng opisinang iyon) na tetistigo sa pagdinig. Maaring angkop ang testimonya ng Title IX na imbestigador para makatulong malutas sa mga pinagtatalunan tungkol sa katunayan ng ebidensya na buod sa report ng imbestigasyon at isyu sa pagdinig, o kung eksaktong tumatak sa isipan ng imbestigador ang testimonya ng isang partido o testigo sa imbestigasyon. Hindi dapat tanungin ang Title IX na imbestigador tungkol sa kanyang pagtatasa sa kredibilidad ng partido o testigo, o proseso ng imbestigasyon sa kabuoan, o sa kanilang preliminaryong pagpapasya na kung mayroon nangyaring paglabag sa policy, dahil magsasagawa din ang hearing officer ng sariling pagpapasya tungkol sa kredibilidad at pagpapasya sa (mga) paglabag ng patakaran kaya ang impormasyon ay hindi magiging mahalaga. Base sa pagpapasya ng hearing officer, hihilingin ng hearing coordinator na dumalo ang lahat ng testigo na ang testimonya ay nadetermina na sakop ng saklaw ng pagdinig.

#### **6. Kumpirmasyon ng Saklaw, Ebidensya, at mga Testigo**

Hindi bababa sa 2 araw ng negosyo bago ang pagdinig, matatanggap ng mga partido mula sa hearing officer ang kumpirmasyon ng saklaw at ebidensya, kopya ng lahat ng ebidensya na isasaalang-alang sa pagdinig at natanggap ng hearing officer, pati na investigation file (binubuo ng report ng imbestigasyon at anumang ebidensya na makikita ng imbestigador na may direktang kaugnayan, na nai-dokumento sa imbestigasyon na report), at anumang ibang dokumento na isasaalang-alang; mga pangalan ng aasahang testigo at buod ng kanilang aasahang testimonya. Kung may tinanggal na ebidensya ang hearing officer (pati testimonya ng testigo) na hiniling ng partido na iprisinta, ipapaliwanag nila kung bakit hindi mahalaga. Ipapaalam din ng hearing officer sa mga partido ang anumang pagpapasya tungkol sa pamamaraan na kanilang ginawa tungkol sa pagdinig. Ang materyal na ito ay ibibigay din sa Title IX Officer.

#### **7. Pagsusumite ng mga Tanong**

Ang mga partido ay hinihimok na magsumite ng anumang mga tanong para sa kabilang partido at sinumang aasahang testigo sa hearing coordinator at hearing officer bago ang pagdinig, ngunit hindi limitado sa mga tanong na iyon sa pagdinig. Ang mga tanong na ito ay hindi ibabahagi sa kabilang partido o testigo.

## **8. Partisipasyon ng Tagapayo at Probisyon ng Unibersidad**

Sa anumang punto bago ang pagdinig, at alam ng partido na wala siyang tagapayo na makukuha sa pagdinig upang sabihin ang kanilang tanong para sa kanila, ipapaalam nila dapat sa hearing coordinator upang mai-plano ng Unibersidad na magbigay sa partido ng tao na magtatanong ng kanyang tanong sa pagdining (“Tagabasa”). Kahit walang abiso o habang isinasagawa ang pagdinog, maaring magbigay ang Unibersidad ng ganoong mapagkukunan kung walang ganoon. Sinumang partido na walang tagapagpayo na makukuha sa pagdinig para sabihin ang kanilang mga tanong para sa kanila, maghihirang ang hearing coordinator ng tao na ang espisipikong gagawin lang ay itanong ang mga tanong ng partido (at hindi magsilbing tagapagpayo sa kabuuan), nang libre para sa partido.

### **E. Mga Pamamaraan sa Pagdinig**

#### **1. Mga Tagapagpayo at Taong Suporta**

Maaring kasama ng mga partido ang kanilang tagapagpayo sa buong pagdinig. Maaari din na may taong suporta sa buong pagdinig.

#### **2. Mga Alintuntunin sa Pag-uugali (Rules of Conduct)**

Ang pagdinig ay isasagawa sa isang magalang na paraan na itataguyod ang pagkapatas at masusing paghahanap ng tunay na pangyayari o fact-finding at sumusunod iyon sa mga alintuntunin sa pag-uugali. Makikipag-usap lamang ang mga partido at mga testigo sa hearing officer at hindi sa isa’t-isa. Ang hearing officer at mga tagapagpayo ng mga partido (o mga Tagabasa kung walang tagapagpayo) lamang ang maaaring magtanong sa mga testigo at partido alinsunod sa paragraph 6 sa ibaba.

#### **3. Virtual na Pagdinig**

Gagawing remote ang pagdinig, na may anumang modipikasyon na inilagay ng hearing coordinator bilang sagot sa kahilingan ng sinumang partido para sa tulong, tingnan ang Section D.1.f sa itaas.

#### **4. Mga Ebidensya at Pamamaraan sa Pagdinig**

Ang mga alintuntunin ng ebidensiya at pamamaraan sa korte (rules of evidence and procedure) ay hindi mailalapat. Karaniwang isasaalang-alang ng hearing officer, at iyon ay aasa, sa lahat ng ebidensya na kanilang tinutukoy na may kaugnayan at maaasahan. Maaaring tukuyin ng hearing officer ang kahalagahan at timbangin ang halaga ng anumang testimonya ng testigo o iba pang ebidensya sa mga natuklasan, ayon sa Seksyon F.1 sa ibaba. Susunod din ang hearing officer sa mga prinsipyo ng ebidensya at mga kinakailangan sa pamamaraan sa Seksyon III.B.3 ng Framework. Sa buong pagdinig, ang hearing officer ay:

- a. Hindi isasama ang ebidensya pati ang testimonya ng testigo na, halimbawa, hindi mahalaga ayon sa mga isinampang kaso ng paglabag ng policy, o mahalaga lang sa mga isyu na tinututulan, o paulit-ulit, at kailangan baguhin ang mga tanong na lalabag sa rules of conduct,
- b. Pagpasyahan ang anumang isyu tungkol sa pamamaraan para sa pagdinig at/o
- c. Gumawa ng anumang ibang pagpapasya na kailangan upang maisulong ang isang maayos, produktibo, at patas na pagdinig na sumusunod sa rules of conduct.

## **5. Akses sa mga Testigo**

Makikita at madidinig ng mga partido (o, kung bingi o hirap makadinig, na makilahok sa paraang awksilyaring tulong sa serbisyo) ang lahat ng pagtatanong at testimonya sa pagdinig, kung gugustuhin nila. Ang mga testigo (na iba sa mga partido) ay dadalo lang sa pagdinig para ibigay ang kanilang sariling testimonya.

## **6. Pagtatanong sa Pagdinig**

Maaaring magtanong ang hearing officer sa lahat ng mga partido at testigo na mahalaga, pati iyong mga mahalaga upang matasa ang kredibilidad. Maaaring magtanong ang tagapagpayo ng isang partido sa kabilang partido (hindi nila kapartido) at mga testigo na mahalaga, pati iyong mga mahalaga upang matasa ang kredibilidad. Tulad ng nakasaad sa Section D.8 sa itaas, ang Unibersidad ay magtatalaga ng tao para itanong ang mga tanong ng isang partido kung walang tagapagpayo ang partido na iyon sa pagdinig.

Pagpapasyahan ng hearing officer ang pagkakasunod-sunod ng pagtatanong sa mga partido at testigo. Para sa bawat partido o testigo, itatanong muna ng hearing officer ang kanilang sariling mga tanong.

Ihahanda ng bawat partido ang kanilang tanong, pati anumang follow-up na tanong para sa kabilang partido at mga testigo, at bibigyan sila ng tagapagpayo. Itatanong ng tagapagpayo ang mga tanong na ibinigay sa kanila ng partido, at maaaring hindi makapagtanong ng mga tanong na napag-isipan mismo ng tagapagpayo na wala ang partido nila.

Kung hindi dadalo ang isang partido sa pagdinig, itutuloy pa din ito, at mayroon pa din silang tagapagpayo – o kung wala, ang hinirang ng Unibersidad na Tagabasa - ang magtatanong ng kanilang inihandang mga tanong.

Kung ang tagapagpayo ng isang partido ay nagtatanong sa kabilang partido o sa isang testigo, aalamin ng hearing officer kung ang bawat tanong ay mahalaga bago sagutin ito ng partido o testigo at hindi tatanggapin ang hindi mahalaga o paulit-ulit, at kailangan baguhin ang mga tanong na lalabag sa rules of conduct. Kung napag-alaman ng hearing officer na kailangang alisin at hindi mahalaga, ipapaliwanag nila ang kanilang dahilan.

Sa anumang oras, maaaring magtanong ng follow-up na mga tanong ang mga partido at testigo.

Pinahihintulutan ang mga partido na gumawa ng nota, na nakasulat lamang, anumang pagtutol sa mga tanong na inilabas sa pagdinig ay maaaring isulat sa talaan, isulat ang anumang pagtutol na ginawa sa pagdinig, at hindi sila maaaring tumutol sa mga tanong sa pagsasalita. Sa pagtatapos lamang ng pagdinig ang mga partido ay maaaring magbigay ng kanilang talaan ng pagtutol, kung mayroon, sa hearing officer, para maisama sa rekord.

Ang sinumang ekspertong testigo na natukoy sa panahon ng imbestigasyon, tingnan ang Section III.B.3.c ng Framework, ay harap din sa parehong pamamaraan ng pagtatanong na ito.

**7. File sa Imbestigasyon**

Ipapasok bilang ebidensya ang investigation file sa pagdinig. Madalas aasa ang hearing officer sa anumang finding/napapag-alaman sa report na hindi tinututulan.

**8. Epekto ng Pinipili at Hindi-Paglahok**

Hindi isasapalagay o iisipin ng Hearing Officer ng salungat na hinuha mula sa desisyon ng isang partido na hindi makilahok sa pagdinig, o manahimik na lang sa pagdinig. Subalit maaari nilang isaalang-alangang pipiliin na partisipasyon ng isang partido – tulad ng pipiliin niya na sagutin ang iba pero hindi lahat ng mga itinanong, o pipiliin lang ang ibibigay na pahayag matapos marepaso ang ibang nalikom na ebidensya sa imbestigasyon - kung tinatasa ang kredibilidad.

**9. Mga Pamamaraang Pangkalusugan (Well-Being Measures)**

Ipatatupad ng hearing officer ang mga pamamaraan na para sa kanila ay nararapat upang maprotektahan ang kalusugan ng mga partido at testigo. Halimbawa, papaghiwalayin ng hearing officer ang mga partido, may mga pahina, at padadaluhin ang mga taong sumusuporta alinsunod sa mga pamamaraan na ito.

**10. Paghihiwalay na Magkitaan**

Pahihintulutan ng hearing officer ang mga partido at/o mga testigo na makitang magkahiwalay sa panahon ng pagdinig maliban sa nakasaad sa talata 5 sa itaas. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa videoconference at/o anumang iba pang naaangkop na teknolohiya. Upang matasa ang kredibilidad, ang hearing officer ay dapat na may sapat na access sa Nagrereklamo, Inirereklamo, at sinumang testigo na nagpapakita ng impormasyon; kung nakita ng hearing officer, dapat na makita sila ng hearing officer.

**11. Presentasyon ng Ebidensya**

Magkakaroon ng pagkakataon ang mga partido na i-prisinta ang ebidensya na kanilang isinumite, maaaring tanggalin kung madetermina ng hearing officer. Kadalasan, maaaring hindi na makapagprisinta ng ebidensya ang mga partido, pati ang pahayag mula sa testigo, sa pagdinig na kung saan hindi nila binanggit habang sa proseso ng pre-hearing o bago ang pagdinig. Subalit, may diskresyon ang hearing officer na tanggalin ang karagdagang ebidensya na i-prinisinta sa pagdinig. Inaasahan ang mga partido na huwag sayangin ang oras sa mga hindi tinututulan na mga resulta o ebidensya na magiging duplikado.

**12. Pagirekord**

Irerekord sa audio ng Unibersidad ang pagdinig at magagamit ito para marepaso ng mga partido kapag hiniling.

**13. Mga Tagapagpayo at mga Sumusuporta**

Maaring kasama ng mga partido ang kanilang mga tagapagpayo at sumusuporta sa buong pagdinig.

## **F. Pagpapasya ng Paglabag sa Patakaran**

### **1. Mga Pamantayan para sa Deliberasyon**

Ang hearing officer ay magpapasya kung mayroon paglabag sa SVSH Policy na nangyari batay sa pamantayan ng Pangingibabaw ng Ebidensya.

### **2. Impormasyon na Isasaalang-alang**

Isasaalang-alang ng hearing officer ang file sa imbestigasyon at i-prinisintang ebidensya at tinanggap sa pagdinig. Ang mga prinsipyong pang-ebidensya sa Section III.B.3. c ay nalalapat din. Sa anumang pinagtatalunan at materyal na isyu, dapat gumawa ang hearing officer ng kanilang sariling mga natuklasan at pagpapasya sa kredibilidad batay sa lahat ng ebidensya na naipasok.

## **G. Abiso ng Pagpapasya**

Sa loob ng 15 araw ng negosyo na pagdinig, magpapadala ang hearing coordinator ng sabay na nakasulat na abiso sa nagrereklamo at inirereklamo (na may kopya sa Title IX Officer) na inilatag ang pagpapasya ng hearing officer na kung mayroon nangyaring paglabag sa SVSH Policy. Kasama sa nakasulat na abiso ang sumusunod:

1. Buod ng mga paratang na bumubuo ng paglabag sa SVSH Policy;
2. Ang mga pagpapasya ang SVSH Policy ay nilabag;
3. Isang pahayag na tutukuyin ng Title IX Officer kung ang nagrereklamo ay bibigyan ng karagdagang mga remedyo, at ipaalam sa nagrereklamo ang pagpapasyang iyon;
4. Pagsasalarawan ng kasaysayan ng pamamaraan ng reklamo;
5. Ang mga natuklasan sa bawat pinagtatalunang, materyal na katotohanan at isang pagsusuri sa ebidensya na sumusuporta sa mga natuklasan;
6. Buod ng mga katotohanan na napag-alaman ng imbestigador na hindi pinagtatalunan ng mga partido,
7. Ang dahilan sa pagpapasya ng bawat kaso;
8. Kung nagpasya ang hearing officer na hindi nangyari ang DOE-Covered Conduct, gagawin ang isang pagsusuri na kung may ibang kaso tungkol sa pag-uugali, pati ang ibang mga paglabag sa SVSH Policy ang nangyari;
9. Isang paalala na huwag maghiganti;
10. Isang pahayag tungkol sa karapatan na umapela, kondisyon at timeline sa pag-aapela, ang opisina kung saan isusumite ang apela, at ang mga pamamaraan na susundin ng Unibersidad sa pagpapasya sa apela;
11. Isang paliwanang na ang parehong partido ay makakatanggap ng kopya ng anumang isinumiteng apela na alinsunod sa mga pamamaraan na ito;
12. Pagsasalarawan sa proseso sa pagpapasya kung mayroon at anong disiplina ang ipapataw kung ang pinal na pagpapasya (matapos ang anumang apela) ay makikita na mayroon paglabag sa SVSH Policy ang inirereklamo; at isang pahayag na ipapaalam sa parehong partido ang pinal na resolusyon sa usapin na ito;
13. Isang pahayag na nagsasabi na ang Chancellor o Chancellor's designee ang magdedetermina kung kailangan pa ng ibayong imbestigasyon ng ibang awtoridad upang malaman kung mayroon paglabag sa ibang mga policy ang nangyari, na hiwalay sa anumang paratang sa Prohibited Conduct na inimestigahan sa ilalim ng SVSH Policy; at



14. Isang pahayag na ang pinal na pagpapasya (at sinasabing ginawa ng lahat ang anumang karapatan sa pag-aapela) ay nakasaad na mayroon paglabag sa SVSH Policy ang inirereklamo, at magtakda ng marahil na dahilan (probable cause) na tinukoy sa Code of Conduct ([APM-015](#) at III.A.4).

#### **H. Dokumentasyon ng Pagdinig**

Sa buong proseso bago ang pagdinig at sa panahon ng pagdinig, idodokumento ng hearing coordinator ang pagsunod sa proseso pati ang mga pamamaraan (kasama ang mga timeframe) sa seksyong ito. Pagkatapos maging pinal ang abiso sa pagpapasya ng paglabag sa policy, ibibigay ng hearing coordinator ang dokumentasyong ito, pati lahat ng dokumentong nauugnay sa pagdinig, at rekording ng pagdinig sa Title IX Officer.

### **IV.C. APELA NG PAGPAPASYA (Yugto 2.C)**

Mayroong pantay na oportunidad ang Nagrereklamo at Inirereklamo na umapela sa (mga) pagpapasya. Pinapangasiwaan ng Unibersidad ang proseso sa pag-aapela, ngunit hindi sila partido o tagapagtaguyod para sa o kontra sa anumang apela.

#### **A. Mga Batayan ng Apela**

Ang isang partido ay maaaring umapela lamang sa mga batayan na inilarawan sa seksyong ito.

1. Sa mga kasong No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct:
  - a. May kamalian sa pamamaraan sa proseso ng imbestigasyon na materyal na nakaapekto sa resulta; ang kamalian sa pamamaraan o procedural error ay mga di-umanong paglihis sa policy ng Unibersidad, at hindi paghamon sa mga policy o pamamaraan mismo;
  - b. May bagong ebidensya na hindi makatwirang nagamit sa panahon ng imbestigasyon na maaring makaapekto sa materyal na resulta; at/o
  - c. Ang imbestigador o Title IX Officer ay nagkaroon ng salungatan ng interes o bias na nakaapekto sa resulta. Ang mga prinsipyo sa Section IV.B(B)(2), tungkol sa hearing officer ay angkop dito sa mga imbestigador at mga Title IX Officer.
2. Sa lahat ng ibang mga kaso:
  - a. May kamalian sa pamamaraan sa proseso ng pagdinig na materyal na nakaapekto sa resulta; ang kamalian sa pamamaraan ay di-umanong paglihis sa policy ng Unibersidad, at hindi mga paghamon sa mga policy o sa mismong pamamaraan;
  - b. May bagong ebidensya na hindi risonableng abeylabol noong oras ng imbestigasyon na maaring makakaapekto ng materyal sa kalalabasan; at/o
  - c. May salungatan ng interes ang hearing officer o bias na nakaapekto sa resulta. Tingnan din ang mga prinsipyo sa Section IV.B(B)(2)

Dapat tukuyin ng apela ang (mga) dahilan kung bakit hinahamon ng partido ang resulta sa isa o higit sa mga magagamit na batayan.

#### **B. Pagsisimula ng Apela**

Kailangang isumite sa hearing coordinator ang apela sa loob ng 20 araw ng negosyo matapos kasunod ng pagpapalabas ng abiso ng resulta ng imbestigasyon (sa mga kasong No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct) o mula sa pagpapasya ng hearing officer (sa lahat ng iba pang kaso). Kailangang tukuyin sa apela ang (mga) batayan ng apela at naglalaman ng mga

espisipikong argumento na sumusuporta sa bawat batayan para sa apela. Ipapaalam ng Title IX Officer ang kabilang Partido ng batayan sa apela at ang kabilang partido ay maaaring magsumite ng nakasulat na pahayag bilang kasagutan sa apela sa loob ng tatlong araw ng negosyo, at mga sumusuportang dokumentasyon mula sa isang partido kung naaangkop.

### **C. Mga Pamantayan sa Deliberasyon**

Ang appeal officer ay magpapasya kung ang umaapelang partido ay napatunayan ang iginigiit na (mga) batayan ng apela. Isasaalang-alang lamang nila ang ebidensya na iprinisinta sa imbestigasyon (sa No-Title IX Hearing DOE-Covered Conduct na kaso) o sa pagdinig (sa lahat ng iba pang kaso), ang file sa imbestigasyon, at mga pahayag ng apela ng mga partido. Hindi sila gagawa ng sariling makatotohanang mga natuklasan, o anumang pagpapasya sa ng kredibilidad ng sinumang testigo.

### **D. Desisyon ng Appeal Officer**

Ang appeal officer, na walang kinikilingan na tao at hindi pa nasasangkot sa kaso o may personal na relasyon sa mga partido, ay maaaring:

1. Panindigan ang mga natuklasan (findings);
2. Baligtarin ang mga natuklasan;
3. Baguhin ang mga natuklasan, o
4. Sa mga apela na nagpapatang ng materyan na pagkakamali sa pamamaraan o bagong ebidensya, na ibalik ang kaso sa imbestigador (sa No-Title IX Hearing na mga kaso o sa hearing officer (sa lahat ng iba pang kaso) para sa ibayong imbestigasyon, kung kinakailangan, halimbawa, sa isyu na kung ang di-umano'y pagkakamali, bagong ebidensya, ay material na makakaapekto sa resulta.

### **E. Nakaulat na Report**

Gagawa ng buod ang appeal officer ng kanilang desisyon sa isang nakasulat na report na kinababibilangan ng mga sumusunod:

1. Isang pahayag ng mga batayan na tinutukoy sa apela;
2. Buod ng impormasyon na isinaalang-alang ng appeal officer;
3. Ang desisyon ng appeal officer at ang dahilan sa desisyon kabilang, kung saan ang mga natuklasan ay binaliktad o binago, isang paliwanag kung bakit ang (mga) batayan sa apela ay napatunayan; at
4. Kung ang pinal na desisyon ay mayroong paglabag sa SVSH Policy ang inirereklamo, isang pahayag na ang desisyon ay bumubuo ng nahanap na posibleng dahilan (probable cause) gaya ng tinukoy sa APM-015.

### **F. Distribusyon ng Nakasulat na Desisyon**

Sa loob ng 10 araw ng Negosyo mula sa pagkatanggap ng apela, ipapadala ng appeal officer ang nakasulat na desisyon sa nagrereklamo at inirereklamo, at may kopya ang Title IX Officer.

1. Maliban kung ibabalik ng appeal officer ang usapin, ipapaalam nila sa inirereklamo at nagrereklamo na ang usapin ay sarado na at wala ng karapatanng umapela.
2. Kung ibabalik ng appeal officer ang usapin, tutukuyin nila kung anong karagdagang paghahanap ng katotohanan (fact-finding) ang gagawin o kung anong karagdagang

impormasyon ang dapat isaalang-alang at hilingin na i-ulat muli ng imbestigador o hearing officer sa appeal officer sa kanilang karagdagang paghahanap ng katotohanan. Pagkatapos matanggap ng imbestigador o hearing officer ang mga karagdagang katotohanan na natuklasan (alinman ang aangkop), ilalabas ng appeal officer ang kanilang desisyon sa loob ng 10 araw ng negosyo. Ang desisyon na ito ay pinal.

#### **IV.D. KARAGDAGANG PAGTATASA AT KONSULTASYON (Yugto 2.D)**

Sa oras na maging pinal ang anumang appeal o lumipas na ang panahon sa pagsusumite ng apela, ipapadala ng Title IX Officer ang pinal na mga natuklasan at pagpapasya sa Chancellor o Chancellor's designee, kalakip ang buod ng pagpapaliwanag ng anumang pagkakaiba sa pagitan ng pagpapasya ng imbestigador o preliminaryong pagpapasya (alinman ang aangkop) at pinal na pagpapasya at mga natuklasan.

Ang Chancellor o Chancellor's designee ang may katungkulan at tungkulin na magpasya kung anong aksyon ang gagawin bilang tugon sa pinal na pagpapasya at mga natuklasan. Ang Chancellor o Chancellor's designee ay maaaring magpasya kung kailangan ng karagdagang imbestigasyon para malaman kung mayroong paglabag na nangyari sa Code of Conduct, ngunit hindi isasaalang-alang ang mga resulta at pagpapasya tungkol sa SVSH Policy na mga paglabag na nangyari sa pagdinig at anumang apela.

Kung sa pinal na natuklasan ay napag-alaman na ang isang faculty na inirereklamo ay lumabag sa SVSH Policy, gagawin ng Chancellor o Chancellor's designee, kung hindi pa nila ito ginawa, kumunsulta sa Title IX Officer at maaaring makipag-ugnayan sa Peer Review Committee o kumunsulta sa Academic Personnel Office na ininalarawan sa *Pagtatasa at Konsultasyon (Yugto 2)* ng Framework. Kung ginawa na ng Chancellor o Chancellor's designee ang mga hakbang na ito (dahil napagpasyahan o paunang napagpasyahn ng imbestigador na mayroong paglabag sa SVSH Policy ang inirereklamo), pagkatapos ay maaari nilang ulitin bago magmungkahi ng resolusyon (halimbawa, kapag ang natuklasan kasunod ng anumang pagdinig o apela ay iba sa pagpapasya o paunang pagpapasya ng imbestigador). Ang Chancellor o Chancellor's designee ang magdedesisyon kung anong aksyon ang gagawin para malutas ang usapin.

Para sa Senate Faculty, magpapatuloy ang mga usapin gaya ng inilarawan sa [\*Decision on Sanctions for Senate Faculty \(Stage 3\)\*](#) ng Framework.

Para sa Non-Senate Faculty, magpapatuloy ang mga usapin gaya ng inilarawan sa [\*Decision on Sanctions for Non-Senate Faculty \(Stage 3\)\*](#) ng Framework.

**UNIVERSITY OF CALIFORNIA**  
**MODELO NG ADYUDIKASYON NG FACULTY NG SENADO – FLOW CHART 1 NG PROSESO**

**Yugto 0**  
Mga Dulugan at Ulat


**60-90 Araw ng Negosyo para sa Imbestigasyon**

**YUGTO 1**  
Imbestigasyon at Mga Natuklasan

**YUGTO 2**  
Pagtatasa at Konsultasyon

**40 Araw ng Negosyo para Magsampa ng anumang Mga Habla**

**YUGTO 3**  
Mga Pandisiplinang Parusa Ayon sa APM-016



\*Tingnan ang APM-016 tungkol sa pagpapaalis ng tumutugong faculty na may panunungkulan o seguridad ng pag-employo

Mga pamamaraang nagbibigay ng suporta at pansamantalang na magaganit sa kabuuan ng proseso. Ang tumutugon ay maaaring ilagay sa hindi boluntaryong leave sa anumang oras ayon sa APM-016. Abiso ng anumang panukalang disiplina ay dapat itatid nang hindi lalagpas sa tatlong taon makalipas ang Chancellor ay naturing na alam ang tungkol sa dumamano ay paglabag.

**UNIVERSITY OF CALIFORNIA  
PROSESO NG HINAING NG FACULTY NG DOE NG SENADO – KALAKIP 1.A**

Ang sumusunod ay maaaring ilaan ng tagapagtaguyod ng CARE, lisensiyadong tagapagpayo, o ibang dulugan:  
Mga dulugan na nasa loob/nasa labas ng campus, abiso ng mga karapatan, mga opsyon sa pag-ulat

Pinangangasiwaan ng Title IX ang alternatibong resolusyon sa halip na imbestigasyon  
**KATAPUSAN**

**Nakakatanggap ang Title IX ng ulat, nagsasagawa ng outreach at inisyal na pagtatasa, at nagpapasya kung paano magpapatuloy**

"Inaalis" ng Title IX ang mga alegasyon. Hindi na sila tinuturing na Nasasaklawan ng DOE na Pag-uugali, pero maaari pa ring magpatuloy ang Title IX sa resolusyon. Ang mga partido ay maaaring umapela.

**Mag-iimbestiga ang Title IX**

**Paunang dinedetermina ng Title IX**  
Lumabag ang tumutugon sa polisiya gamit ang pangigingibabaw ng pamantayan ng katibayan; Nagaganap ang Pagtatasa at Konsultasyon; Ang Chancellor o ang designado ng Chancellor ang resolusyon

**Paunang dinedetermina ng Title IX**  
Hindi lumabag ang tumutugon ng polisiya gamit ang pangigingibabaw ng pamantayan ng katibayan; Nagaganap ang Pagtatasa at Konsultasyon

**Ang mga partido ay may patas na oportunidad para tanggapin o hindi tanggapin ang paunang determinasyon at anumang panukalang resolusyon; kung alinmang partido ay hindi tumanggap, ang usapin ay pupunta sa pagdinig**

Tatanggap ang dalawang partido ng paunang determinasyon at anumang panukalang resolusyon

**Alinman o ang dalawang partido ay hindi tumatanggap ng paunang determinasyon**

Ang paunang determinasyon ay magiging pinal; ang anumang panukalang resolusyon ay ipatutupad **KATAPUSAN**

Pagpupulong bago ang pagdinig at ibang mga pamamaraan para itaguyod ang patas, produktibo, at maayos na pagdinig, kabilang ang pagtukoy sa mga pinagtatalunan at nauugnay na mga isyu, at pagtalakay sa mga tuntunin ng pag-uugali

**Pagdinig**

Nadetermina ng opisyal ng pagdinig na ang Tumutugon ay lumabag sa polisiya gamit ang pangigingibabaw ng pamantayan ng katibayan

Nadetermina ng opisyal ng pagdinig na ang Tumutugon ay hindi lumabag sa polisiya gamit ang pangigingibabaw ng pamantayan ng katibayan

**Karapatang iapela sa mga limitadong batayan**

**Walang apela**

**Apela**  
**Magpapasya ang opisyal ng pag-apela**

Sa pagkakamali sa pamamaraan at mga bagong apela sa ebidensya, ang opisyal ng apela ay maaaring ibalik sa opisyal ng pagdinig at pagkatapos ay magpasya

Kung ang huling pagpapasya ay lumabag sa patakaran ang Tumutugon:  
Sumangguni sa Yugto 3 ng Flowchart 1 ng Proseso ng Modelo ng Adyudikasyon ng Faculty ng Senado

Mga pamamaraang nagbibigay ng suporta at pansamantalang na magagamit sa kabuuan ng proseso. Ang tumutugon ay maaaring ilagay sa hindi boluntaryong leave sa anumang oras ayon sa APM -016. Abiso ng anumang panukalang resolusyon ay dapat ihatid nang hindi lalagpas sa tatlong taon makalipas ang Chancellor ay naituring na alam ang tungkol sa diumano ay paglabag.

**YUGTO 0**  
**Mga Dulugan at Pag-ulat**


**MGA YUGTO 1 at 2**  
**Imbestigasyon, Paunang Determinasyon, Pagtatasa at Konsultasyon**

**YUGTO 2.A**  
**Oportunidad para Tanggapin Paunang Determinasyon**

**YUGTO 2.B**  
**Bago ang Pagdinig at Pagdinig**

**YUGTO 2.C**  
**Apela ng Determinasyon**

UNIVERSITY OF CALIFORNIA  
 MODELO NG ADYUDIKASYON NG FACULTY NG HINDI SA SENADO (WALANG KINATAWAN) – FLOW CHART 2 NG PROSESO



Mga pamamaraang nagbibigay ng suporta at pansamantalala na magagamit sa kabuuan ng proseso. Ang tumutugon ay maaaring ilagay sa hindi boluntaryong leave sa anumang oras ayon sa APM-016. Abiso ng anumang panukalang disiplina ay dapat itatid nang hindi lalagpas sa tatlong taon makalipas ang Chancellor ay naturing na alam ang tungkol sa diumano ay paglabag.



**UNIVERSITY OF CALIFORNIA  
MODELO NG ADYUDIKASYON NG FACULTY NG HINDI SA SENADO (WALANG KINATAWAN) – KALAKIP 2.A**

Ang sumusunod ay maaaring ilaan ng tagapagtaguyod ng CARE, lisensiyadong tagapagpayo, o ibang dulugan:  
Mga dulugan na nasa loob/nasa labas ng campus, abiso ng mga karapatan, mga opsyon sa pag-ulat

**YUGTO 0**  
Mga Dulugan at Pag-ulat

Pinangangasiwaan ng Title IX ang alternatibong resolusyon sa halip na imbestigasyon  
**KATAPUSAN**

**Nakakatanggap ang Title IX ng ulat, nagsasagawa ng outreach at inisyal na pagtatasa, at nagpapasya kung paano magpapatuloy**

"Inaalis" ng Title IX ang mga alegasyon. Hindi na sila tinuturing na Nasasaklawan ng DOE na Pag-uugali, pero maaari pa ring magpatuloy ang Title IX sa resolusyon. Ang mga partido ay maaaring umapela.

**MGA YUGTO 1 at 2**  
Imbestigasyon, Paunang Determinasyon, Pagtatasa at Konsultasyon

**Mag-iimbestiga ang Title IX**

**Paunang dinedetermina ng Title IX**  
Lumabag ang tumutugon sa polisiya gamit ang pangngibabaw ng pamantayan ng katibayan; Nagaganap ang Pagtatasa at Konsultasyon; Ang Chancellor o ang designado ng Chancellor ang resolusyon

**Paunang dinedetermina ng Title IX**  
Hindi lumabag ang tumutugon ng polisiya gamit ang pangngibabaw ng pamantayan ng katibayan; Nagaganap ang Pagtatasa at Konsultasyon

**YUGTO 2.A**  
Oportunidad para Tanggapin ang Paunang Determinasyon

Ang mga partido ay may patas na oportunidad para tanggapin o hindi tanggapin ang paunang determinasyon at anumang panukalang resolusyon; kung alinmang partido ay hindi tumanggap, ang usapin ay pupunta sa pagdinig

Tatanggap ang dalawang partido ng paunang determinasyon at anumang panukalang resolusyon

Alinman o ang dalawang partido ay hindi tumanggap ng paunang determinasyon

**YUGTO 2.B**  
Bago ang Pagdinig at Pagdinig

Pagpupulong bago ang pagdinig at ibang mga pamamaraan para itaguyod ang patas, produktibo, at maayos na pagdinig, kabilang ang pagtukoy sa mga pinagtatalunan at nauugnay na mga isyu, at pagtalakay sa mga tuntunin ng pag-uugali

Ang paunang determinasyon ay magiging pinal; ang anumang panukalang resolusyon ay ipatutupad **KATAPUSAN**

**Pagdinig**

Nadetermina ng opisyal ng pagdinig na ang Tumutugon ay lumabag sa polisiya gamit ang pangngibabaw ng pamantayan ng katibayan

Nadetermina ng opisyal ng pagdinig na ang Tumutugon ay hindi lumabag sa polisiya gamit ang pangngibabaw ng pamantayan ng katibayan

**YUGTO 2.C**  
Apela ng Determinasyon

**Karapatang iapela sa mga limitadong batayan**

**Walang apela**

**Apela**

**Magpapasya ang opisyal ng pag-apela**

Sa pagkakamali sa pamamaraan at mga bagong apela sa ebidensya, ang opisyal ng apela ay maaaring ibalik sa opisyal ng pagdinig at pagkatapos ay magpasya

**Kung ang huling pagpapasya ay lumabag sa patakaran ang Tumutugon: Sumangguni sa Yugto 3 ng Flowchart 2 ng Proseso ng Modelo ng Adyudikasyon ng Hindi Senado na Faculty**

Mga pamamaraanang nagbibigay ng suporta at pansamantala na magagamit sa kabuuan ng proseso. Ang tumutugon ay maaaring ilagay sa hindi boluntaryong leave sa anumang oras ayon sa APM -016. Abiso ng anumang panukalang disiplinina ay dapat ihatid nang hindi ilagpas sa tatlong taon makalipas ang Chancellor ay naituring na alam ang tungkol sa diumano ay paglabag.